Ay teka. Asan si Ryan? o . o!

"T\*ngna! Dali! Trai---" hindi ko naintindihan yung iba pa niyang sinabi kasi agad-agad akong lumabas ng bahay...

Nawala siya! O . O

\*lingon.lingon\*

Lingon sa kanan...

Lingon sa kali---

? \_ ?

Pasakay na ng motor si Ryan...

Agad ko siyang hinabol...

"H-hey! Pasaan ka?!" sabi ko habang hinahabol siya.

Hindi siya lumigon... = . ="

RYAN'S POV:

Nangiwan ba naman sa ere? > .>

Kung makakalad-kad kay Z, walang bukas? Tss.

Ano bang meron dun sa Black Widows na yun at ganun yung reaction niya? = . ="

Nung nakapasok sila ng bahay...

Hindi ako sumunod.

Akala ko babalikan ako ni Ace eh. = . =

Ilang minuto na akong naghihintay pero, wala parin.

Tsk.

Nakalimutan ako, ganun?

Sumakay na ako sa motor ko...

'Tas pinaandar ko na ito...

'Tas may sumigaw...

"H-hey! Pasaan ka?!" sabi niya na parang hinahabol ako.

Hindi ko siya nilingon... Tss Bahala siya diyan. = . =

Nasa may highway na ako...

'Tas pansin ko na yung mga tao nakatingin sa akin... o ~ o

Tinignan ko yung side mirror ng motor ko...

O . O

Hinahabol niya parin ako?

Tss. Hindi ako papaapekto.

Mas binilisan ko pa yung takbo...

Tas lumiko ako.

Tinignan ko ulit sa side mirror.

Nawala siya! o . o

Ganun nalang yun?

Susuko na siya?

Tumingin ako sa harapan ko...

O . O"

"A-ace?!" - ako

"Oh, ba't parang gulat ka? Tss." - siya

"W-wala lang." sabi ko sabay iwas ng tingin.

"Tss. Halika nga..." sabi niya sabay yakap sa akin...

>///> Ang bango niya.

"Wag ka nang gaganun ulit. Baka hindi na kita masundan pa kasi mamamatay ako sa kaba." - bulong niya sa akin.

>///>

"Tss." sabi ko nalang.

Teka... Ba't tumatawa 'to? o . o"

Kumalas siya sa yakap. = . =

"Kinikilig siya! Uuuuy!" asar niya sa akin.

"Ryan!" tawag niya

"Oh?" sabi ko sa kanya habang nakasimangot. = . ="

"Mukha kang naluge!" sabi ni Ace habang tumatawa.

Tsk.

"Tara na, nasa bahay na raw sila Drea." - Ace

"Angkas ka nalang..." - ako

Umangkas na siya.

Nung pinaandar ko na yung motor, hindi siya nakayakap. = . ="

"Yumakap ka." - ako

"Yoko nga." - siya

"Tss." sabi ko nalang.

DREA'S POV:

Aish. Ang tagal tagal tagal naman nila! > 3>

"Nasaan na kaya yung dalawang yun?" - Gab

"Ewan... Ikaw ba Drea, alam mo kung nasaan sila?" - Mark

Nagkibit-balikat na lamang ako.

Nasa labas kami ng bahay nila Ace...

Mukha nga kaming tambay sa kanto eh. Tss.

Mga ilang oras na kaming naghihintay dito nang may lumabas sa bahay nila Ace...

O . O

Sino 'to?

"Oh, Z! Naparito ka?" - Mark

Z? Ang tipid naman ng pangalan. Tss.

"Ako yung sub niyo." - Z

"Oh? Buti naman at natanggap ka ni Ryan." - Mark sabay high-five kay Z.

Close sila, ganun? = . ="

"Dude, sino siya?" - Gab

"Si Z, sub natin. Pinsan nila First." - Mark

"Nice to meet you pare." - Z sabay shake hands kay Gab.

Ah, so pinsan pala nila Ace 'to. = o =

"Nagpapatraining daw sila Ace ah." - Z

"Ba't naman?" - ako na yung sumabat. Tss.

"May new target daw ang gang nila." Z sabay turo kela Mark.

"Err. Sino?" tanong ko kela Mark.

"Black Widows." - sila Gab at Mark.

"T\*NGNAAAAA?! F\*CK SH\*T! SIGURADO KAYO DIYAN?!" bulyaw ko sa kanila.

"Ganyan din reaction ko nung nalaman ko." bulong sa akin ni Z.

Tumingin ako sa kanya.

"Kilala mo?" takang tanong ko.

"Tss. Who wouldn't?" sabi ni Z sabay pasok sa bahay nila Ace, ULIT. = . =

Tinignan ko sila Mark...

Nasaan na yung dal'wa na yun? o . o"

Nang may narinig akong nagbubulungan...

"*Tapos na ba? Kumalma na?*"

"*Sa tingin ko, tumahimik na eh.*"

Galing sa likod ng bushes? = ~ =

Pumunta ako sa tapat nun...

Sabay sabi...

"Bakit kayo nagtatago?" habang nakatingin sa kanila nang masama.

"Ehehehe?" patanong na tawa ni Gab.

Tumayo na si Mark.

"Kasi naman, kung makareact parang kakainin mo kami ng buhay eh." sabi ni Mark habang nagiinat.

"Buhay pa ba ako?" - Gab

Sinuntok ko nga.

"ARAY!" - Gab

"Tss. Buhay ka pa." = . = Sabi ko sabay naglakad 7 yards away sa kanila.

"OH? BA'T ANG LAYO MO?!" sigaw sa akin ni Mark

"BAKA MAHAWA AKO SA KABALIWAN NIYO!" sigaw ko sa kanila.

Nagsoundtrip lang ako doon.

RYAN'S POV:

Mabagal lang ang pagpapatakbo ko ng motor. = ~ =

Bakit? Ayaw yumakap ni Ace eh. Tss.

Tinignan ko yung side mirror...

O . O!

Nawala siya?!

T\*NGNAAAA! ANG G\*GO MO RYAN!

SH\*T!

"RYAN!" may tumawag...

O . O

Si Ace, nasa bubong ng katabi kong kotse!

"Anong ginagawa mo diyan?!" sigaw ko sa kanya.

"Ang bagal bagal bagal mong magpatakbo eh!" sabi niya sabay lingon sa harap. = . =

"Bumalik ka nga dito!" - ako

"Ayoko nga." :p Sabi niya sabay belat sa akin.

= . =

Kung hindi ko lang mahal eh.

"PUPUNTA AKO DIYAN!" banta ko sa kanya...

"Edi pumunta ka! Tss." sabi niya

Ganun pala ah... = u = d

ACE'S POV:

Ang bagal naman magpatakbo ni Ryan! Tsk. > .>

Bored na ako.

Aha!

\*u\*

Alam ko na!

Tumayo ako sa motor sabay lipat sa katabing kotse nito. = u =

Syempre ninja moves gamit ko para hindi ako mapansin ni Ryan.

Red light palang naman kaya, madali lang para sa akin ang makalipat.

"Ay! Iha! Bumaba ka diyan!" sabi sa akin nung driver.

"Manong, saglit lang! Makiride nalang po kayo." sabi ko sa kanya.

"Hay naku! Mga kabataan nga naman." sabi niya sabay baling ng tingin sa harap.

Napansin ko na tumingin sa side mirror si Ryan...

XD

Halatang kinakabahan! = u = d

At dahil ayokong atakihin sa puso 'tong mahal ko...

"RYAN!" Tinawag ko na. = u = d

O . O

Hindi naman halatang gulat siya 'noh? = . ="

"Anong ginagawa mo diyan?!" sigaw niya sa akin.

"Ang bagal bagal bagal mong magpatakbo eh!" reklamo ko sabay lingon sa harap. = u = d

"Bumalik ka nga dito!" - siya

"Ayoko nga." :p ako sabay belat

"PUPUNTA AKO DIYAN!" sabi niya sa akin.

"Edi pumunta ka! Tss." ako.

As if naman makapunta siya? Tss. = u =

Mga ilang minuto na ako nakatingin sa harap...

Hindi pa yata siya nakakapunta dito. XD

Pagkatingin ko sa motor niya...

o ~ o Nawala ang motor!

Tinignan ko yung iba pang parte ng highway...

O . O

Nakapark sa sidewalk!

Pero nasaan si Ryan? = o =

Maya maya pa'y may yumakap sa akin mula sa likod. O . O!

"Sabi ko sayo eh, makakapunta ako." sabi niya

>///>

"Wag mo nang uulitin yun. Baka ikamatay ko." dagdag pa niya.

= o =

Parang kanina lang ako yung nagsasabi nyan sa kanya, ngayon naman siya?

Ang bilis lumipat. = . =

"Tss." sabi ko sabay harap sa kanya.

"Baba na tayo." aya ko sa kanya.

"Kiss muna." > 3 < Sabi niya habang nakapout.

Kiniss ko siya.

Pero smack lang. = u = d

RYAN'S POV:

O///O

Kiniss nga ako.

Pero smack lang. > .>

"Anong mukha yan at ang pula?" sabi niya sa akin.

"W-wala." ako

"Tss." - siya

May narinig akong nagbubulungan...

"Ay, *ang cute naman nila!*"

"Oo nga! Kainggit!"

"*Sayang pare, ang cute nung babae oh.*" - sapakin kita diyan eh. = . ="

"Oo nga. *Sayang, taken na pala. Tara na nga.*" - buti naman at balak mo nang umalis! Tss.

"Baba na ta--- Teka, ba't nakasimangot ka?" sabi niya sa akin.

"Paano ba naman kasi, taken ka na nga... May nagkakagusto pa sa 'yo. Tsk." sabi ko sabay baba.

"Eh, wala kang magagawa dun. Sa astig kong 'to. Buwehehe." = u = d asar niya sa akin.

Tsk. Nakuha pang mangasar. = . ="

Nung makauwi kami...

Andun na nga sila, pero... Bakit... Ang layo layo ni Drea sa dalawa? o . e

GAB'S POV:

Nakasandal lang kami ni Mark sa mga motor namin. = o =

Inaanto---

"Gab! Sila Second na yun diba?" sabi sa akin ni Mark.

\*VROOM.VROOM!\* - motor yan...

"Hala oo nga 'noh! Tara na't sugu---" hindi ko natapos yung sasabihin ko kasi...

"HOY KAYONG DALAWA! ANG LAKAS NG LOOB NIYONG MAGPAHINTAY NG ILANG ORAS?! TATAWAG-TAWAG KAYO SA AKIN TAPOS BLA BLA BLA" hindi ko na pinakinggan yung iba pang sasabihin ni Drea kasi...

Nakakarindi. = . =

Seriously, ang layo ng attitude niya kay Ace. = o =

Nagtakip kaming lahat ng tenga, pwera nalang kay Ace.

"TAPOS AN---HMFF HMFF HMFF!" - Drea

Tinakpan ni Ace ang bibig niya. = u = d

Mabuti naman.

"Start na ng training." sabi ni Ace habang pumasok siya paloob ng bahay...

Nang tumigil siya bigla. o . o

"Si Z, nameet niyo na?" - Ace

"Ah, oo! Pumasok ulit siya sa bahay niyo." - Mark

Tumango na lamang si Ace.

Kamusta si Drea?

Ayun, mukhang estatwa.

"Sa susunod kasi, wag pitak nang pitak." - ako habang pinapat ang shoulder niya nang...

"WAAAAAAAH!" - ako

Tumalsik. Ako. T ^T

lupper-cut daw ba? T 3T

Masakit yun.

Bumagsak ako sa puno...

Bumaba na ako kaagad dun.

Ang layo tuloy ng lalakaran ko. = . =

Napunta ako sa pinakadulo ng street nila Ace...

Yung sa dead line?

Nang makabalik ako...

Yung magkapatid na Coralde... Mukhang t\*nga. = . =

Kung makatawa parang wala nang bukas. Tsk.

MARK'S POV:

Sh\*t lang? Ang lakas. XD

Tumalsik si Gab oh!

Mukhang meteor na pabalik sa langit...

"Lumipad daw ba?" ako habang tawa nang tawa.

"T\*ngna bro, ang astig!" - Ryan habang kinukusot yung mata niyang luhaan katatawa. XD

Mga ilang minuto na kaming tumatawa dito...

"HINDI BA KAYO PAPASOK?!" - ???

Lumingon kami paharap...

Si Gab!

"Oy dude! Kamusta ang paglipad?" sabi ko habang nagpupumigil ng tawa.

\*PAK\* \*PAK\*

"A-aray!" - kaming dalawa ni Ryan.

Batukan daw ba kami? T ^T

"Tsk. Training na tayo!" - Gab habang papasok ng bahay nila Ace...

"Ganun ba ang epekto ng paglipad sa hangin?" tanong ni Ryan

3...

2...

1...

"BUWAHAHAHAHAHA!" - kami yan. XD

"Hoy magsitigil na nga kayo! Pumasok na kayo dito kung ayaw niyong magaya kay Gab!" - sigaw ni Ace sa amin.

Agad naman kaming tumakbo paloob.

Wala sila sa living room. o . o"

Nagkatinginan kami ni Ryan.

"Asan na sila?" - siya

Nagkibit balik at lamang ako.

GAB'S POV:

Ang sakit parin ng katawan ko. T ^T

Halimaw si Drea! HALIMAW!

Mga readers! Spell HALIMAW?

D-R-E-A! Oo! DREA! Hmp.

Nandito kami ngayon sa garden nila Ace.

Nasabi ko na bang ang lawak lawak lawak ng garden nila?

\*u\*

Garden nga pero ang onti ng flowers. = . ="

Kaya, backyard nalang. XD

"Kung s-saan saan ka-k-kami pumunta... Nandi-d-dito lang pala kayo!" sabi ni Ryan na hingal na hingal.

"Oo nga." sangayon ni Mark.

"Anong gagawin natin dito?" - Z

"Adrian! Pakilabas na!" - sigaw ni Ace

"Hoy Ace! Sino yang Adrian na yan?!" sambit ni Ryan kay Ace.

"Butler. May angal?" - Ace XD

"Wala." sabi ni Ryan sabay talikod.

"Kasi naman bro, kung magselos ka..." - Mark.

Kami naman ni Mark ang tumatawa. XD

Ang bilis lumipat 'noh? Parang kanina lang, siya yung tawa nang tawa...

Ngayon naman... Ako. = u = d

ACE'S POV:

Tawa tawa pa kayo diyan ah...

Tignan lang natin kung makatawa pa kayo pagkatapos ng training... = u = d

"Young lady, ito na po..." sabi ni Adrian.

"Good." ako

"Una na po ako." - Adrian

Tumango na lang ako...

"Guys!" tawag ko sa kanila...

Mukha nila? = u = d

O . O - Silang lahat.

Bakit?

"K-kung fu ang training?!" - sigaw sa akin ni Drea.

"Yeah." - ako

"Oh, ba't kayo tumigil sa pagtawa?" dagdag ko pa. Kinakausap ko sila Gab at Mark.

"Ehrrm. Nevermind." - Mark.

Bakit nga ba kung fu?

You'll know... SOON. = u = d

MARK'S POV:

Napatigil kami sa pagtawa...

K-kung fu? I mean... Seriously?

Paano namin nalaman?

May spinning dummies. = . =" *Tingin sa right side para makita ang mukha nito.*

Merong ding Longquan Stainless Steel Sabre. \*O\*

T\*ngnaaaa. Ang astig!

Pero...

Yeah, we're good at fighting... Pero, mahina ang knowledge namin sa kung fu. = o =

Pwera nalang kay Vin.

Ngayon alam niyo na kung bakit siya naging First.

Nagkatinginan kaming lima.

LIMA = Ako, Ryan, Gab, Drea at Z

Napalunok kaming lahat.

"Oh, anong tinutunga-tunganga niyo diyan?! Start na!" - Ace

\*dug.dug.dug.dug.\* - kinakabahan ako.

Pagpray niyo kami! > 0 <

\*\*

*After 13 hours...*

"AH SH\*T! Parang nabiyak yung katawan ko!" T ^T - Z halos mangiyak-ngiyak na.

"I... Need... A... Break." - Gab na nakalampaso na sa sahig

"Ang saya ng training!" \*u\* Drea habang nakipaghigh-five kay Ace.

"HINDI KAYA!" - Kaming apat.

APAT = Ako, Ryan, Mark at Z.

"Anyare sa mga lalaki?" - Drea na takang-taka.

Nagkibit balikat lang si Ace...

Ano bang nangyari sa amin kanina?

May flashback ako sa inyo.

*Nagreready palang kami nang....*

O . O!

*Binabato kami ni Ace nang mga dagger!*

*Iwas dito, iwas doon.*

*\*ZZKT\**

*Napunit yung pinakaiingatan kong damit. T ^T*

*'Tas biglang sumugod si Drea sa amin gamit yung Longquan Sabre. O . O!*

*Munrik na kami doon!*

End of flashback.

Saglit lang yun ah. = . =

Ang saklap ng feeling.

Pero feeling ko masgumaling kami. = u = d

ACE'S POV:

Kitang kita sa kanila ang pagod...

Pwera nalang kay Drea. > .>

Tuwang tuwa pa yata? Tss.

Si Z luhaan, si Gab nakahilata sa sahig, yung kambal nasa sulok parang ewan na may black aura.

"Ano, isa---" hindi ko na naituloy kasi...

"WAG NA! OKAY NA YUN! OO TAMA! OKAY NA YUN!" sigaw sa akin ni Ryan.

o . o"

"Okay, sabi niyo eh." sabi ko sabay akyat sa taas.

"Saan ka papunta?" - Ryan

"Kwarto." - ako

"Sama!" - Ryan.

O . O - mukha nila Drea, Z, Mark at Gab.

"Ge." - ako

O . O! - Drea, Z, Mark at Gab.

Mas tumindi yung laki. = o =

"Problema?" - kami ni Ryan.

"Na...pipigilan mo, Ryan?" - Mark

Tumingin ako kay Ryan...

Namumula? o . o"

"Oo nga?" - Gab

Si Z at Drea? Define nganga. = . ="

"Ano yung napipigilan?" - tanong ko kay Ryan...

o . o"

Mas naging pula yung mukha niya...

"A-ano..." sabi ni Ryan... Parang nauutal siya?

"Urges." - ???

Nagsililingunan kami sa likod.

"Adrian?" - ako.

"Urges. Yung needs naming mga lalaki." sabi niya sabay alis.

Tumingin ulit ako kay Ryan...

Pulang pula na siya.

"Tss. Tara na nga." sabi ko sabay hatak sa kanya paloob.

Nung nasa loob na kami...

"Ano yung urges?" - ako

Namula nanaman si Ryan... = . =

RYAN'S POV:

Ako ay karaniwang nangangamatis. = . ="

Hulaan ko. Pulang pula ang aking mukha.

Pesteng Mark at Gab kasi! Pinaalala pa sa akin. > .>

'Tas eto namang si Ace, napaliwanag na nga nung Adrian, tanong pa nang tanong sa akin...

SA LOOB PA NG KWARTO NIYA. >///>

"Bilis na. Ano nga yun?" - Ace

Tsk. Hindi ko na talaga mapigilan!

Hinatak ko siya...

Sinandal ko siya sa may pader.

Kinulong ko siya gamit ang mga kamay ko.

Tinitigan ko siya.

"Eh?" - siya.

Hindi niya talaga magets? = . ="

Kiniss ko siya.

Mukha niya?

Ganito oh... O///O

Nang bumukas yung pintuan. O . O!

"Oh mother of--- OH MY GOODNESS!" - Gab habang nakatalikod.

Si Drea nakatakip yung mata pero halata naman na sumisilip. = . =

"Sabi na nga ba eh!" - Mark

"Tsk." ako sabay hila si Ace palayo.

"Now you get what URGE means?" - ako

"Yeah...?" hindi niya sure na sagot.

Nung sinamaan ko siya ng tingin...

"Oo na! Oo na! I get it." - siya.

"Good." - ako

--

## **Chapter 17**

ACE'S POV:

\*KRIIIING!\* - Alarm clock yan.

\*BLAAAG!\* - hinampas na alarm clock yan.

Pero teka...

O . O!

Napabangon ako bigla.

\*lingon.lingon\*

O . O"

Napalakas yung paghampas ko sa alarm clock, kaya...

Nasira. = 3=

Sayang naman yun.

Mga star na itim pa naman ang design. Sayang talaga. = o =

Pagkatapos ko sirain ang aking alarm clock...

Total Sunday naman ngayon.

Maghahanda muna ako para makapagsimba ako. = u = d

Good girl yata si Ace ano. XD

RYAN'S POV:

Sunday ngayon. = o =

Ang boring.

Heto ako, nanunood ng wrestling sa t.v.

Wala akong magawa. Kaya...

Napagisipan kong...

Bumisita kela Ace! \*u\*

Tama, tama. Bibisita muna ako sa kanya.

Naligo at nagbihis na muna ako.

Baka kasi mamaya, ang baho ko. = . =

SATH'S POV:

Naggagala ako sa mall magisa. = o =

Oo **magisa**. = 3=

Iniwanan ako ni Jennifer saglit eh. Tss.

Ang loner ko noh? Huhu---

\*BLAG\* - may nakabangga ako. = . ="

Ayos timing 'tol! Nageemote ako dito bigla bigla ka nalang mangbabangga! Tsk.

Hindi ko makita yung mukha niya kasi nakayuko ako. = . =

"Miss, okay ka lang ba?" - tanong ni guy.

Pero teka, parang familiar ang boses niya ah. o ~ o

Sino kaya yun...

"ANO BA NAMAN YAN! GRABE TIMING MO ALAM MO BANG---" hindi ko naituloy yung sasabihin ko kasi...

>///  
>

"Oh, Sath!" sabi ni Mark nang nakangiti.

"H-hello..." ako habang nakaiwas ng tingin sa kanya.

Paano ba naman kasi, namumula ako. = o =

Parang nagiinit yung paligid.

May aircon naman. Huhu.

Ang init! Pinagpapawisan ako. > .>

"Uh, hello?" - si Mark na nagkakaway sa harap ng mukha ko.

O . O!

Nagising naman ako dun.

"Ah eh, b-bakit?" - ako

"Kanina pa ako daldal nang daldal dito, pero nakatulala ka sa kawalan." sabi niya.

"S-sorry." - ako sabay yuko.

"Ah! Ayos lang! May kasama ka ba?" - siya

"Umalis saglit." - ako

"Ah ganun ba..." sabi niya.

Pero teka...

Ba't parang naging malungkot yung mukha niya 'tas may halong disappointment yung boses niya? o . o"

Pero, baka imagination ko lang yun. = o =

Oo tama, tama. Imagination ko lang. \*u\*

Nang...

"SATH!" - ???

Lumingon ako palikod.

Oh! Ayan na pala si Jennifer!

Na may kasama...

Si Gab?! o . o"

"Jennifer!" - ako

Mukha kaming tangang nagsisigawan sa mall. = . =

Seryoso. Para kaming nagshushooting sa dami ng taong nanunood. Tss. > .>

"Oh! Mark, Sath! Magkasama pala kayo?" - Gab

"Ah hindi." deny ko.

"Oo, nabangga ko lang." - Mark

"Ah ganun ba? Sabay na rin kaya kayo sa amin?" - Gab

"Su---" hindi ko naituloy yung sasabihin ko kasi...

"WAG!"

Napatingin naman kaming lahat kay Jennifer with a confused face...

"Ah eh ano..." sabi niya habang pawis na pawis...

May binulong si Jennifer kay Gab na hindi namin marinig ni Mark. = o =

Ito namang si Gab, tumatango-tango. = o =

GAB'S POV:

Papunta kami ni Jennifer palapit kay Sath nang napansin ko...

Aba, magkasama sila?

Siguro nagdedate. Hala. Dumadamoves si Mark! XD

"Oh! Mark, Sath! Magkasama pala kayo?" - ako

"Ah hindi." sagot ni Sath

Tsk. Sayang naman.

"Oo, nabangga ko lang." - Mark

Halata naman sa mata niya na disappointed siya. XD

"Ah ganun ba? Sabay na rin kaya kayo sa amin?" - ako

"Su---" hindi naituloy ni Sath yung sasabihin niya kasi...

"WAG!"

Napatingin naman kaming lahat kay Jennifer.

"Ah eh ano..." sabi niya habang pawis na pawis...

"Para makapagdate nang SILANG DALAWA lang." bulong sa akin ni Jennifer... 'Tas diniinan pa niya yung 'SILANG DALAWA'. XD

Tumango naman ako.

At syempre, hindi narinig nila Mark at Sath yung binulong sa akin ni Jennifer. = u = d

SATH'S POV:

"Sige! Una na kami..." - Jennifer

"Ah, sure." - sabi ko.

Nung umalis na sila...

SILA = Jennifer at Gab

Aalis na rin sana ako kaso...

Hinila ako bigla ni Mark. O///O

"Oh ngayon, wala ka nang kasama. Samahan mo ako." sabi niya nang may tonong pautos. = o =

"Ayoko nga." ako sabay alis pero...

Hinatak niya na naman ako.

"Hey! Get off me." reklamo ko pero deep inside gustong gusto ko naman. XD

"Ayaw." sabi niya habang umiling-iling nang parang bata.

Ang cute niyang tignan. >///<

"Fine! Fine! FINE!" - ako

Ngumiti naman siya.

Pero iba yung ngiti eh.

Paano ba naman kasi...

Parang nagnining-ning yung mga mata niya, 'tas yung ngiti abot langit. o . o

Pero, imagination ko lang siguro yun.

Oo tama, imagination lang yun.

MARK'S POV:

Yes! Napapayag ko rin siya.

"So... Saan tayo?" - Sath

"Hmmm..." ako sabay hawak sa baba na para bang nagiisip habang nakatingin sa itaas.

"Alam ko na! Timezone tayo!" - ako

"Talaga?! TARA NA! BILISAN MO!" siya sabay takbo nang mabilis. o . o

Nung nalampasan niya ako...

Naramdaman ko yung hangin at naamoy ko yung pabango niya...

Ang bango... Amoy strawberry. >///>

"BILIS NA!" - sigaw ni Sath.

\*lingon.lingon\*

Wala siya sa kanan...

Wala siya sa kaliwa...

Tingin sa baba...

Tingin sa itaa---

O . O!

Hindi naman siya excited maglaro noh?

Sumunod na ako sa kanya.

Hinila niya ako paloob ng Timezone...

Pinarefill niya yung card niya...

Syempre ako rin. XD

Bumili rin kami ng tokens...

Una niyang pinuntahan?

Racing. @ o @

Sh\*t lang. Ang cool niyang tignan.

Heto ako, nanunood lang sa kanya.

T\*NGNA. Ang galing niyang magmanipulate ng kotse.

"Racer ka ba?" biglaan kong tanong.

"HA?" hindi niya siguro narinig dahil sa ingay ng mga nanunood sa kanya. > o>

At karamihan, puro lalaki.

OO! HINDI NGA KAMI PERO AKIN LANG SIYA! NARINIG NIYO YUN?! AKIN LANG SIY---

"WHOAAAH!" - audience. Tss.

Nagmomonologue pa ako dito eh. Tsk.

Pagtingin ko sa screen ni Sath...

O . O!

PUSANGGALANAMANYANO! Highscore pare!

HIGHSCORE!

Babae yan ah! o . o

"Hey." sabi niya sabay wave sa harap ng mukha ko.

"Ah." - ako nung natauhan.

"Ano yung tanong mo?" - Sath

"Kung racer ka ba?" - ako

"D-dati..." sabi niya sabay iwas ng tingin sa akin...

"Ganun? Sayang." - ako

"Tara na." - ako sabay hila sa kanya palabas ng arcade.

"T-teka! Yung bag ko!" sabi niya sabay balik sa arcade.

SATH'S POV:

Binalikan ko yung bag ko doon sa arcade nang...

"Hey, you're good at manipulating cars. Mind to join our gang?" - ???

\*lingon\*

Hindi ko siya kilala.

"No thanks." ako sabay kuha ng bag ko sabay labas ng arcade.

Nakita ko naman si Mark... Nakasandal siya sa wall malapit sa entrance ng arcade.

Ang cool niyang tignan. \*o\*

At pansin kong... Ang daming nakatitig na babae sa kanya... > .>

Tss.

Pero, teka. Bakit naman ako naiinis? = o =

"Oh, nandyan ka na pala. Tara na?" - siya

Tumango na lamang ako...

'Tas

Pumunta na kami sa foodcourt. XD

ACE'S POV:

Ayan! Ready na ako. = u = d

Pagkabukas ko ng pintuan...

O . O!

"ACE!"

Sino pa nga ba? Edi si...

Ryan. = . =

Pero feeling ko bigla akong sumaya. XD

"Oh, ba't ka nakabihis?" tanong niya sa akin...

"Magsisimba ako." sagot ko

"Ganun? Sabay na tayo..." - siya

"Ge." ako sabay sakay sa motor ko.

"Eh. Angkas ka nalang sa akin!" - Ryan.

"Fine!" ako sabay sakay sa motor niya.

"Yumakap ka." - siya

"Ayoko nga." - ako

Ayan na naman... XD

"Bilis na!" - siya

"Fine!" ako sabay yakap sa kanya...

Ang... Init...

Ng atmosphere. = o =

Narinig ko naman na nagsimula nang magstart yung motor...

\*VROOOM!\* \*VROOOM!\* - motor yan.

RYAN'S POV:

Ayun! Pumayag rin! XD

Ang swerte ko. Tsansing na rin 'to noh. XD

At syempre, dahil sa yakap niya...

Maslalo akong nabuhayan ng loob!

Kung nakikita niyo lang ako.

Abot langit ang aking ngiti. = u = d

VIN'S POV:

Aish! Hindi ako makaenjoy! Tsk.

Alam niyo na naman siguro yung reason, diba? = . =

Dahil sa lintang ito. Tsk.

Lumalayo ako, lumalapit siya.

Lalayo ako, lalapit siya. Tsk.

Nakakainis na talaga. +\_\_+

Kaya naman...

"WILL YOU LEAVE ME ALONE?! YOU'RE ANNOYING ME!" sigaw ko sa kanya.

Halata naman na nagulat siya.

Naluluha na nga yung mata niya eh. Tss.

"S-sorry." sabi niya sabay takbo palayo sa akin.

Mabuti naman. = o =

\*\*

I. AM. BORED.

Kaya naman...

Naisipan kong magswimming! \*u\* d

\*langoy.langoy\*

\*BOOGSH!\*

Sinapak ako ng ama nung linta. = . =

"Anong karapatan mong sigawan ang anak ko?! Ha?" reklamo niya.

Hindi ako nagsalita, pero umahon na ako.

"HOY! BASTOS KANG BATA KA AH!" sigaw niya

"Tss. Pagsabihan niyo yung anak niyo! Lapit nang lapit sa akin!" ako sabay alis.

= u = d

Hindi ako takot. Tss.

ACE'S POV:

Natapos na rin ang misa...

Kaya...

"Tara na't gumala." Yaya ko kay Ryan sabay hila sa kanya.

Hindi na siya nakaangal pa kaya...

Pansin ko naman na nakiride. XD

Nung nakapasok ako ng mall...

O . O

= u =

"Ryan..." tawag ko sa kanya.

"Oh?" sagot niya.

"Tignan mo oh... Sila Sath at Mark yun, diba?" ako sabay turo sa kanila. = u =

Pero imbes na tignan niya yun...

Ninakawan ako...

O . O

Ninakawan niya ako ng kiss sa pisngi. =///=

"Ah, oo nga noh!" sabi niya pero hindi naman nakatingin sa kanila.

**Saakin** siya nakatingin. = . =

"Tss. Magnanakaw ka ng kiss!" sabi ko sabay suntok sa tiyan niya. = u = d

"Ow. At least nakakiss ako!" ^\_\_\_\_^ sabi niya habang nakangiting hinihimas-himas yung tiyan.

Siguro sa sakit. XD

"Bilis na! Tignan mo oh! Sila yun!" sabi ko sabay turo ulit sa kanila.

Pero...

HINAWAKAN KO NA YUNG LEEG NIYA. XD

Para kung saka-sakaling ikikiss niya ulit ako...

Masasakal ko siya. = u = d

Ayos diba?

"Eh, titignan ko na nga lang... Bakit kelangan mo pang hawakan yung leeg ko?" - reklamo niya.

"Aba! Mahirap na noh! Baka magnakaw ka ulit ng isa pa." Sabi ko habang nakafocus sa dalawa.

DALAWA = Sath at Mark

"Buh, dumadamoves ang kakambal ko ah!" sabi niya nang tuwang tuwa.

"Ha?" tanong ko.

"Wala wala." sabi niya habang umiiling

"Bilis n---" hindi ko naituloy yung sasabihin ko kasi...

"Ah, ma'am, sir... Baka naman po, gusto niyo pong umurong nang kaunti para po makapasok yung iba pa po?" sabi ni manong guard.

Pagkalingon namin ni Ryan sa likuran...

Hala ang haba ng pila! O . O

Nagkatinginan kaming dalawa sabay tawa habang umuuring. XD

Ganun na ba kami katagal na nakatayo sa harap ng entrance?

Ayos ah. Hindi ko napansin. = o =

...at oo nga pala.

Napansin kong...

"Ace, nakaakbay si Mark kay Sath oh!" sabi ni Ryan na tuwang tuwa.

Tsk. Inunahan ako. = . ="

--

## **Chapter 18**

RYAN'S POV:

Alam niyo yung feeling na mukha kang timang kakasunod sa dalawang tao?

Tss. Hindi ko namang ginusto na sundan sila Mark eh. = . =

Si Ace lang. Tsk.

Ang lagay namin ngayon?

Nakatago sa mga halaman dito sa loob ng mall.

Tsk. Pinagtitinginan nga kami ng ibang tao dito eh. Mabuti na lang at sinawalang bahala lang nila kami.

Oo, alam ko naman na iba si Ace sa mga babae...

Pero, may pagkatsimosa rin pala 'tong mahal ko?

Unti-unti na yata siyang nagbabago...

Pero kapag **katabi** niya lang ako. = o =

Tss.

Ewan ko. Sabi kasi sa akin nila Gab...

Super cold niya raw ulit kapag wala ako sa tabi niya. > .>

Hay ewan ko ba dito sa babaeng 'to. XD

Pero, wag ka.

Mahal ko yata 'to. Pramis.

"Ryan, dumiretso sila sa foodcourt, tara na't sundan ulit sila!" - Ace

"Ba't mo ba sila gustong sundan?" tanong ko sa kanya.

"Kasi boto ako sa kapatid mo." sabi niya sabay harap sa akin nang nakangiti.

"Yun naman pala eh, eh ba't kelangan mo pang sundan yung kakambal ko?" - ako

"Baka may gawing kalokohan, mahirap na." sabi niya habang nakafocus sa dalawa.

DALAWA = Mark at Sath.

"Hindi naman siguro." - panigurado ko sa kanya.

"Tss. Lalabas na rin naman tayo mamaya habang kumakain sila." sabi niya sabay alis.

"Sabi mo eh." sagot ko nalang sabay sunod sa kanya. Tss.

Okay, napansin namin na...

#Bagay sila.

#Parang ang sweet ng kapatid ko kay Sath.

#Akmang ikikiss sana ni Mark si Sath kaso nasubsob si Mark kasi biglang umalis si Sath, ayan tuloy nakiss niya yung sahi.

#Bumili sila sa Jolibee.

Pagkatingin ko naman sa right side ko...

O . O!

Nawala si Ace...

Pagkatingin ko dun sa dalawa....

= . =

Kausap na nila si Ace.

Iwanan daw ba ako dito magisa?

Tsk.

Tampo na ako ha. > 3>

Napansin ko namang kumaway sa akin si Sath.

Si Mark? Ayun, halatang inis na inis kasi hindi niya na masolo si Sath. XD

Paano ko nalaman?

Kapatid ko eh. = u = d

Lumapit naman ako sa kanila...

"Aba, dumadamoves ka na kay Sath ah." bulong ko kay Mark habang sinisiko-siko ko siya.

"Tss. Bro ang galing niyang magmanipulate ng kotse. Racer dati." siya

Nanlaki yung mata ko.

"Paano mo naman nalaman?" tanong ko.

"Nagtimezone kami kanina, racing yung sinugod niya. Highscore." sabi niya sabay iwas ng tingin.

Napansin kong namumula. XD

"Oy namumula ka?!" sigaw ko.

Sa lakas ng sigaw ko, napatingin sa akin yung ibang tao...

Including Ace and Sath. > o>

"Hehe!" ako sabay peace sign.

"Yan kasi, nababaliw nanaman." pabulong na sabi ni Mark pero narinig ko. <. <

"Ayos ka ah." sabi ko sabay sinikmuraan ko nga. XD

"Ow." - siya

"Pero teka, paano kayo napunta rito?" dagdag niya.

"Ah, ano..." ako.

"Gumagala?" sabi ko nang patanong. = 3=

Sorry na, hindi ako marunong magpalusot.

"Tss. Binabantayan mo ako eh." pangungulit niya.

"Oo na! Oo na! Pero hindi ko naman gusto eh, si Ace lang." pagamin ko.

"Dahil sa girlfriend mo, hindi ko tuloy masolo si Sath." = 3= Sabi niya nang nakapout.

"Oy oy! Wag kang magpout mukha kang bakulaw, tsaka, wag mong sisihin yung mahal ko. Binabantayan niya lang kaibigan niya." pagtanggol ko.

"Nga pala, boto sayo si Ace. Tss." sabi ko habang umiiling-iling.

"Talaga?! Kaya lab na lab ko yun eh!" siya habang nagvivictory dance.

"LAB KA DIYAN. BAKA GUSTO MONG PATAYIN KITA? ANO?!" ako

"Joke lang Ryan, lab as a sister. 'To naman." pagbawi niya.

"Yan. Tama yan. Tss." ako sabay tingin kay Ace.

o . o

Aba, ang seryoso ni Ace.

'Tas bakas sa mukha ni Sath ang kaba at takot. XD

ACE'S POV:

"Kailan pa?" - ako with my super creepy cold voice. = u = d

"Ang... Ano?" sabi niya na halatang takot na takot. XD

"Kailan pa kayo?" paglinaw ko.

"H-huy! Hindi pa kami! 'To naman." sabi niya sabay hampas sa balikat ko. <\_\_<

"Seryoso ako." ako with my super duper creepier cold voice. = o =

"Hindi pa nga kami. Hindi pa nga kami nagkakaaminan eh." = 3= Sabi niya sabay pout.

"Concerned lang ako as your friend." ako na medyo kumalma na ang boses.

"Infairness ha, nakakatakot ka maging kaibigan. Daig mo pa nanay ko." sabi niya sabay hampas ulit sa akin. <\_\_<

Nakakailan na ha.

Pero ayos lang. Kaibigan ko naman? = o =

"Sorry ulit!" sabi niya sabay bow habang yung kamay niya parang yung nagpepray. Yung parang sa Korean? Hay ewan. = . ="

"Ayos lang." ako with my very serious face. = u = d

"Ano---" hindi naituloy ni Sath yung sasabihin niya kasi...

"ACE! SATH! NANDITO LANG PALA KAYO!" sigaw ni Jennifer habang kumakaway sa amin. = o =

Parang kakauwi lang galing sa ibang bansa? Tss.

At teka...

Kasama niya si Gab? = . =

Bakit nagkasabay? BAKIT? >\_\_>

Tinignan ko lang siya.

"Ace~" sabi ni Jennifer 'tas may tonong pambaby yung boses.

Tinaas ko yung kilay ko.

Yung dalawa. Hindi yung isa. Tss. Baka mapagkamalan pa akong mataray nang 'di oras. Tss.

"Ano... Hehe?" Haha. = . = Parang gets ko na ang gusto nitong iparating... Tss.

"Ano?" kunwari hindi ko magets.

At sinabi ko ito sabay pamewang. XD

Para halatang seryoso ako.

"Y-yung tungkol sa amin ni... Gab?" sabi niya nang patanong habang nakayuko.

"Ano... Friends lang talaga kami. Pramis!" sabi niya sabay taas ng kanang kamay niya. This time, inangat niya yung ulo niya. = o =

"Eh ba't nagnining-ning yang mga mata mo? Tss." tanong ko.

Pang-asar lang. 8D

"H-hoy hindi ah!" sabi ni Jennifer sabay iwas ng tingin.

Tss.

"Huy halata ka na! Wag ka magdeny!" sabat ni Sath.

"Hindi naman talaga eh!" T ^T sabi ni Jennifer na halos mangiyak-ngiyak na. Tss.

"Eh, ba't paiyak ka na?" > u> Asar ko ulit sa kanya.

"Galit ka ba talaga o nangaasar na?" tanong sa akin ni Jennifer.

"Nang... Aasar?" sabi ko nang patanong sabay takbo palikod kay Ryan. XD

Ako ay karaniwang nagtatago sa kanilang dalawa habang nakasilip sa balikat ni Ryan dahil...

"ACEEEE!!!" - sigaw nung dalawa. o ~ o"

Katakot. Pramis.

Mukha silang mga demonyita na handang pumatay ng tao.

Walang laban yung mga gang na nakalaban ko sa kanila. > o <

Isang tingin mo lang sa kanila, mapapatakbo ka na sa takot.

Seryoso.

"Ace, ba't ka nagtatago sa likod ko?" takang tanong ni Ryan

"Ano, kasi... Sila." sabi ko sabay turo sa dalawa.

DALAWA = Sath at Jennifer

Nung nakita naman niya, siya naman yung nagtago sa likod ko.

Kaya naman napatakbo ako palayo sa kanila. XD

Bahala sila dun! Kaya na nilang pakalmahi---

\*BLAG!\* - nakabangga ako. > .>

Ayan na.

Cold mode ulit. = u = d

"Sh\*t! What do you think you are doing?!" bulyaw sa akin nung guy.

Tinignan ko lang siya. Tss.

"What are you lookin' at, huh?!" sigaw pa niya.

I used my super creepy cold look to him.

Lamigin ka. Paksyet ka. Bleh. = u =

"WHAT?!" sigaw ka pa huh.

Sinuntok ko nga sa tiyan.

Tss. Bahala ka sa buhay mong mangisay diyan.

Tae ka. Sigaw sigaw ka diyan. Tumba ka naman pala. Tss.

Pagkatapos ko siyang suntukin... Agad naman akong pumunta ulit sa foodcourt.

Mahirap na baka makilala pa ako. Tsk. > .>

"HEY BASTARD! HELP ME RIGHT HERE!" - the guy. = . ="

Napatigil ako sa paglalakad.

Anong... Tawag niya sa akin?

Bastard? Iniinis mo ako huh.

Binalikan ko siya.

Tinadtad ko siya ng mga suntok at sipa.

"Bastard huh. Shut up, or else you're dead meat." sabi ko sabay alis papunta kay Ryan.

Naramdaman ko namang may lumapit na babae dun sa lalaki na binugbog ko. Tss.

"Oh my gosh! Jake! What happened to you?!" sabi nung girl na halatang b\*tch. >\_\_>

"HEY YOU, B\*TCH! WHAT HAVE YOU DONE TO MY BOYFRI---" hindi niya naituloy yung sasabihin niya kasi, pinutol ko iyon.

"Don't call me 'b\*tch' because we're not close. And also, shut up if you don't want to get lost." sabi ko sabay smirk sabay punta na kay Ryan.

Oh, yan. Totoo na talaga. = . ="

Dumiretso na talaga ako kay Ryan. Tss. Wala nang pasikot-sikot pa.

RYAN'S POV:

Wala na. Cold na ulit siya.

Tinawag kasi siyang bastard eh. Tsk.

Pero, ang cool niyang tignan habang binubugbug niya yung lalaki. XD

Hindi na ako nakisali kasi baka ako pa yung mabugbog ni Ace. Ayaw pa naman niya na may nakikisali sa laban niya, unless kelangan talaga. Tss.

Nung napansin kong pabalik na siya sa amin, pinuntahan ko siya agad.

Sabay yakap sa kanya...

"You alright, Ace?" tanong ko habang hinihimas-himas yung likod.

Bad trip 'to eh. Ayaw niyang sinasabihan na bastard or b\*tch. It pisses her off. >\_\_>

"Y-yeah." yan she's stammering.

Her tears are dropping. Alam ko yun.

Tinignan ko nang masama yung lalaki.

Napatakbo naman siya sa takot kahit hinang-hina na.

Kumindat naman sa akin yung babae. = . =

What a b\*tch.

Maslalo ko namang sinamaan ng tingin yung girl.

Kaya ayan, umiyak. Sumunod dun sa boyfriend niyang bugbog sarado. XD

"Shh. Stop crying, I'm here." pagcomfort sa kanya.

Napansin ko rin naman na ang daming nanunood na tao. Tss.

"HEY, GUYS! THE SHOW IS OVER! PLEASE GO BACK TO WHAT YOU'RE DOING!" sigaw ko sa kanila.

Kaya ayun, nagsilakaran na sila.

Natakot, yata? = o =

"Ace!" tawag ng barkada. Sabay sabay pa talaga? = . =

BARKADA = Mark, Gab, Sath at Jennifer

Napalingon naman si Ace sa kanila.

Cold pa rin si Ace.

"Ayos ka lang ba?" tanong ni Sath

"Malamang hindi! Kita mong kakaiyak lang eh. Tss." pagbara naman ni Jennifer. = . =

"Tumahimik nga kayo. Ayos lang ako." sabi ni Ace gamit ang cold voice niya kaya natuhan naman yung dalawa.

DALAWA = Jennifer at Sath.

Tinignan naman ako ni Ace. Ibig sabihin nun, 'Gusto ko nang umuwi'. Siguro pagod na rin 'to.

"Ah, nga pala. Una na kami." ako sabay hila kay Ace palabas ng mall.

Sumakay na kami sa motor.

O///O

Biglaan niya nalang akong yinakap.

Buh, dati pinipilit ko 'to ah. = u = d

Ayos!

"Ryan..." tawag niya sa akin.

"Hmm?" sagot ko habang sinusuot ang helmet, nasuot na rin niya yung sa kanya.

"I..." - siya

"I?" - ako

"I... L-love you." sabi niya sabay tago ng ulo niya sa likod ko. XD

Ang cute.

"I love you more." ako sabay start ng motor.

Sh\*t. Ang gay man, pero...

Kinikilig ako. XD

DREA'S POV:

Ayan, party party ako magisa. Tss.

Mukha akong tanga na nagdodougie.

"Teach me how to dougie! Teach me, teach me how to dougie! Wooh!" - ako yan habang nagdodougie sa living room.

Wala naman sila mama kaya...

\*eeenk\* - pintuan yan na bumukas. O . O!

"Drea, mukha kang tanga sa pinaggagagawa mo. Tss." sabi ni mama sabay diretso sa kusina.

O///O

Nahuli ako ni mama! Yan tuloy. Napaupo ako sa sofa. > 3>

"Pero ang cute mo." sabi ni mama sabay harap sa akin nang nakangiti.

"Ma naman eh!" sabi ko sabay akyat.

"Hep hep! Ituro mo nga sa akin yung steps! Parang pwedeng pampapayat!" sabi ni mama sabay pigil sa akin. = o =

WOW. Just, WOW. W = . = W

Seryoso, siya pa talaga ang nageencourage sa akin na magloko. Tss.

Sabi pa nga niya sa akin, pag may resbakan kami...

SASAMA RAW SIYA PARA MAVIDEOHAN YUNG LABAN. Tsk.

Ewan ko ba diyan.

Pero, ang cute niyang tignan. XD

Designer nga pala si mama ng damit.

Fashionista kumbaga, pero makulit. = u = d

"Sige na~ Ituro mo na sa akin... Please?" sabi niya habang nagpupuppy eyes. 'Tas yung boses may halong pababy. Tss.

"Sige na nga!" ako

*After 1 hour...*

"Wooh! Yeah! Teach me how to dougie! Teach me, teach me how to dougie!" - si mama yan. = o =

Pagod na pagod na ako kaya naman naupo muna ako para magpahinga nang konti.

"Nak, samahan mo ko sumayaw dito!" - yaya sa akin ni mama.

"Kayo nalang po. Pagod na rin ako eh." sabi ko habang nagpupunas ng pawis.

*~We could have had it all...*

*Rolling in the deep...~*

Oo, Rolling in the Deep ang aking ringtone kapag may **tumawag**. = o =

At sino naman kaya ang tumawag?

Sus. Baka si Ace, or si Sath, or si Jenni---

O . O!

>///>

Si Vin ang tumawag! Tumawag siya! > u <

Agad agad ko itong sinagot...

Sabay kulong sa kwarto ko. XD

Para, in case na kinikilig ako.

Ang unan ko ang hahampas-hampasin ko, kesa si mama. Kawawa naman siya.

"Hello?" - sagot ko...

Nang nakangiti. = u = d

[Ah, ano... Drea...] - Vin

"Yes?" tanong ko.

[Kamusta ka na?] - siya

"Ah, okay lang naman... Wala akong masyadong ginagawa... Actually, meron nang boyfriend---" hindi ko naituloy yung sasabihin ko kasi...

[M-may boyfriend ka na?! Sino?! Kailan pa?! Bakit?! Hindi mo ba ako... Hihin...tayin?] - Vin...

O///O

"Anong hihintayin? Tsaka, hindi ako yung may boyfriend 'noh! Si Ace ang meron! Tss." - ako

[Ah, alam ko na yung tungkol dun.] - sagot niya sa akin. Buti naman at kumalma na. XD

"Pero teka, anong hihintayin ka diyan?" panigurado ko.

[Ah... Eh, ano... Paano ko ba 'to sasabihin...] sabi niya na para bang nagiisip kung paano niya sasabihin yung kailangan niyang sabihin. = o =

[Ano kasi, ang totoo nyan---] hindi niya naituloy yung sasabihin niya kasi...

*(Vin ko! Tikman mo 'tong chocolate cake na binili ko oh!)* - sigaw nung babae sa kabilang linya, parang may halong pagseseduce ang boses... = . =

AT ANO?! VIN KO?! SERIOUSLY?!

Nakakainis ha. > .>

[Sh\*t. Err, bukas nalang ulit. Bye.] sabi niya sabay baba ng phone.

Binabaan pa talaga ako? It hurts. T ^T

Nu ba yan, naluluha na ako.

Ang sakit pala nung feeling na brokenhearted ka 'noh? Ang sakit sakit.

VIN'S POV:

Tsk. Nakakainis naman 'tong linta na 'to! SH\*T LAAAANG!

ARGH!

"HOW MANY TIMES DO I HAVE TO TELL YOU THAT I AM NOT YOURS, AND I DON'T LIKE CHOCOLATES?!"  
sigaw ko sa kanya sabay kulong sa kwarto.

Yan tuloy. = . =

Dahil sa lintang babae na yan, baka napagkamalan pa ako ni Drea na may girlfriend. Sh\*t.

Wala na, wala nang pag-asa.

Author, gusto ko nang umuwi. Huhu. T^T

*[A/N: Tss. Tiis tiis muna. Buwahaha. Marami pang mangyayari oy!]*

Kasi naman eh. > .>

Parati nalang si Ace ang nagsasaya, parati nalang ako yung nagdurusa. Huhu.

*[A/N: Shattap nga. Baka gusto mong mamatay nang di oras?]*

Hehe. Sige na, sashattap na. Tss. > .>

ACE'S POV:

Narating na rin namin ang bahay ko. = o ="

Bad trip parin ako sa nangyari.

Paloob na sana ako ng bahay kaso hinila ako ni Ryan...

"Wait." - siya

"Hm--" hindi ko naituloy yung sasabihin ko kasi...

O///O

He kissed me...

Sa noo lang! XD

"You forgot something, and that's my kiss and hug." sabi niya sabay hug sa akin.

"Good night, Ace." bulong niya sa akin habang nakayakap parin siya.

"G-good night." sagot ko.

"You're... You're stammering." sabi niya sabay tawa nang mahina.

"Tss. Osiya, lumarga ka na." sabi ko sabay diretso sa loob ng bahay.

"I LOVE ACE!" sigaw ni Ryan sa labas. o . o

"HUY! MAGPATULOG KA NAMAN!" sigaw nung kapitbahay ko. XD

\*VROOOM!\* \*VROOOM!\* - nagstart na ang motor.

Nagwave naman ako sa kanya habang tumatawa.

Hindi parin ako makamove on dun sa pagsabat nung kapitbahay. XD

Ayos ang timing eh, romantic na eh.

--

## **Chapter 19**

SATH'S POV:

Monday ngayon, at nasa school na ako.

Oo, maaga akong pumapasok sa school.

Hindi ako papayag na may mauuna sa akin. XD

Weird na kung weird pero, 4:00 palang ng umaga nandito na ako.

Wala lang, para ako lang magisa.

Para makapagreminisce ako nang maayos, nang tahimik at walang nanggugulo.

Ano nga ba ang mga nirereminisce ko?

Memories. Yung mga memories na nagawa ko nung racer pa ako. >\_\_>

Oo, racer talaga ako dati. Kilala ako bilang 'Rapid Princess'.

Kurni noh? Tss.

Pero alam mo, okay na sana ako eh.

Masaya na sana ako sa buhay ko noon...

Kaso, pinatigil ako ng parents ko.

Masyado daw delikado para sa isang babae.

Ganun ba ako kahina para sa kanila? Tsk.

Pero, ayos lang. Para sa kanila...

I won't use fast cars. = . ="

Sikat si Rapid Princess dito sa school namin.

Pero hindi nila alam na ako 'yun. Parati kasi akong nakahelmet, nasa loob man ng kotse o nasa labas ng kotse.

Trip ko lang. XD

Tapos na akong magreminisce. Kaya, napagdesisyonan ko nang lumabas ng classroom at maglibut-libot muna.

Pampalipas oras kumbaga.

Nang may nabunggo ako.

O . O!

MARK'S POV:

Maaga ako ngayon papasok sa eskwelahan.

Hindi sasabay si Ryan kasi susunduin niya pa raw si Ace niya mamaya. Tss.

Nagkotse ako ngayon. = u = d

Wala lang, trip ko lang. Naaalala ko kasi si Sath sa tuwing nakakakita ako ng kotse.

Weird noh? XD

Maya maya pa'y narating ko rin ang eskwelahan...

Agad akong umakyat papunta sa aming classroom.

Madilim at maaga pa lang naman kaya konti lang ang mga tao dito sa ngayon...

Nang narating ko na yung classroom namin, walang tao.

Pero may bag doon.

Sa pwesto ni Sath nakalagay, kaya sa kanya siguro yun.

\* u \*

Ibig sabihin... Masosolo ko si Sath 'pag nagkataon!

AYOS! Tama pala yung desisyon ko na pumasok nang maaga!

Nagvictory dance ako ngayon nang...

"SABING AYOKO NANG SUMALI SA GANG NIYO EH!"

Sh\*t. May sumigaw na babae.

Parang...

Boses ni Sath yun ah?!

Lumabas ako kaagad sa classroom...

Tinignan ko nang magkabilaan yung hallway, clear. Walang tao.

Agad-agad akong bumaba

Wala rin.

Kaya bumaba ako papuntang first floor, third floor yung room namin eh.

Tumingin ako sa kaliwa...

SH\*T! SI SATH NGA!

Hinihila siya ng tatlong mga lalaki.

Parang naaaninagan ko yung mga lalaki ah...

Parang... Parang familiar.

Pero, sinawalang bahala ko lamang yun.

Agad kong sinuntok yung mga lalaki.

"M-mark..." - Sath na nanginginig.

Tinignan ko lang siya, sabay ngiti at bulong... "You're safe now."

Sabay baling ng tingin doon sa tatlo na nakahilata.

Kinuwelyuhan ko naman yung isa nilang kasamahan.

"Tell me, what do you need from her?!" tanong ko nang pasigaw.

Nagulat naman siya.

"S-someone... Someone commanded us." - explain niya.

"Then who told you to do this?!" - ako

"J-julius..." - siya

Nabitawan ko siya bigla, kaya bumagsak siya sa sahig...

"F\*ck." - ako sabay sabunot ng sarili kong buhok

SATH'S POV:

Sino si Julius at parang kinabahan bigla si Mark?

Nakaalis nang bugbog sarado yung tatlo.

Kaming dalawa nalang ngayon ni Mark sa lobby.

Nakaupo kami ngayon...

"M-mark." - pagtawag ko sa kanya...

"Hmmm?" sabi niya sabay tingin sa akin.

"Si-s-sino si Julius?" tanong ko sa kanya.

Lumaki bigla yung mata niya sabay yuko.

Nakita kong may tumutulong luha sa mga mata niya...

"Hey, s-stop crying." sabi ko sa kanya habang hinihimas-himas yung likod.

"He was... He was my worst nightmare." sabi niya sabay angat ng ulo.

"Nightmare?" naguguluhan kong tanong.

"He killed our little brother." sabi niya habang umiwas ng tingin sa akin...

"M-may nakababatang kapatid kayo ni Ryan?" tanong ko.

Malamang teh. Tss. Kakaexplain nga lang oh. = . =

"Dati..." sabi niya sabay yuko nang humihikbi.

"Everything will be alright..." pagassure ko sa kanya sabay yakap sa kanya.

MARK'S POV:

Ano nanaman kayang kailangan ni Julius ngayon?

B-bakit, bumalik pa siya?

Inexplain ko ang lahat kay Sath...

Umiiyak ako ngayon...

Sh\*t. Umiiyak ako sa harapan niya.

Ang gay. = . =

"Everything will be alright." - siya

O///O

Y-yinakap niya ako. >///>

"T-thanks." - ako sabay kalas ng yakap.

I gave her a smile, a true one.

Hindi ito dahil sa pagcomfort niya... Dahil 'to sa yakap. XD

Bading na kung bading, kinikilig ako eh.

"Yan! Smile ka lang parati. Ang gwapo mo kaya kapag nagsasmile." sabi niya habang nakangiti.

>///>

Narinig niyo yun mga kaibigan?! Gwapo daw ako oh! G-W-A-P-O!

*[A/N: Narinig ka diyan! Nabasa kaya! Tss.]*

'Wag ka ngang sumingit author! Nagsasaya pa ako rito eh. Tss. Tsaka, ikaw naman yung nagsulat ah!

*[A/N: Oo na! Sashattap na! Tss.]*

Tumingin ako sa wall clock dito sa lobby.

"5:10 na pala." sabi ko.

"Ang tagal mo kayang umiyak! Tss." - siya

"Yinakap mo naman." bulong ko.

"Ano?" - siya

"Wala, wala. Balik na tayo sa room?" pagaya ko.

"Wag muna, libot tayo sa school..." - siya

"Wait lang!" - ako with hand gesture pa yan. XD

"Eh? Bakit?" takang tanong niya...

Naglabas ako ng salamin...

'Tas tinignan ko kung namamaga pa yung mga mata ko.

Hindi naman...

"Oh, ba't ka nagsasalamin?" - siya

"Syempre, puhunan ko yata 'to." sabi ko sabay bilog ng mukha ko gamit ang kamay.

"Tss." - siya.

"Tara na." sabi ko sabay hawak ng kamay niya sabay hila.

Syempre, pagkakataon ko na 'to. Pakakawalan ko pa ba? = u = d

VIN'S POV:

Buong araw at gabi ako namumrublema tungkol kay Drea...

Hindi nga ako makatulog eh. Ngayon ko lang napansin na madaling araw na pala. > .>

May pagasa pa ba ako?

T ^T

"AH! SH\*T! SH\*T! SH\*T!" - sigaw ko sa loob ng kwarto ko habang sinasabunutan ko sarili ko. Baliw na kung baliw. > .>

\*eeenk\* - bumukas na pintuan.

Hindi ko nalang pinansin. = . ="

"Vin ko, may problema ba?"

Malamang. Yung linta nanaman. Tsk. Nakakainis na.

"OO! IKAW ANG PROBLEMA KO! \*sabay turo sa kanya\* IKAW ANG PROBLEMA KO! ILANG BESES KO BANG SASABIHIN NA HINDI MO AKO PAG-AARI?! DAHIL SAYO NAWALAN AKO NG PAGASA KAY DREA! ARGH!" sabi ko sabay sipa ng study desk.

\*sob\* \*sob\*

Tss. liyak-iyak ka diyan.

Nakakainis. = . ="

"S-sorry... Hi-h-hindi ko naman i-inakala na... UWAAA!" - linta

Nakakainis. Yung boses niya, halatang nagbebaby-babyhan. Tsk.

"Don't trick me again Hannah, you look awful with that act. Seriously." - ako sabay higa 'tas nagtalukbong ng kumot.

\*sniff\* \*sniff\*

Bumangon ako kaagad.

"Leave me alone!" sigaw ko sa kanya.

Tumakbo naman siya palayo.

As if namang hahabulin ko siya. Tss.

Humiga na ulit ako sabay isip.

Tinakpan ko ng braso yung mga mata ko...

Sabay bulong "Hay. Paano na kaya?"

ACE'S POV:

\*KRIIING!\* - alarm clock yan.

Hahampasin ko na sana yung alarm clock, kaso natauhan ako.

Kaya napabangon ako bigla.

O . O

= . =

Gawa na nga pala yung alarm clock kong may stars na kulay black. \* u \*

Masaya na ako nun. = u = d

Pagkababa ko, nakita ko na yung wallet ko.

Ibig sabihin may pera na 'to sa loob. = u = d

Pagkatapos kong tignan kung magkano, dumiretso na ako sa upuan para kumain.

\*chomp.chomp\* \*chomp.chomp\*

Tapos na 'kong kumain, dumiretso na ako sa C.R. para makaligo at makapagtoothbrush na rin. = o =

Inaantok parin ako. = . =

\*kusot mata.kusot.kusot\*

Ako lang pala ang tao dito sa bahay, umalis si mama. Pumuntang Bukidnon, next Monday pa ang balik.

Kaya kela Drea ako makikitulog. = u = d

Kasama ni mama si tita eh. Buwehehe.

'Tas si tito naman, sumunod kay papa sa America. = o =

Magbebestfriends nga naman. Tss.

DREA'S POV:

Mga kaibigan! Samahan niyo akong umiyak. T ^T

May girlfriend na si Vin. Huhu.

Ang sakit talaga.

Pero dapat ngumiti parati. > 3>

Namamaga pa yung mga mata ko.

Naluluha pa rin nga ako eh. = . ="

Nakakainis naman! Tsk.

Lumarga na ako papuntang school. = 3=

Tinatamad parin ako.

Halos makatulog na nga ako sa gitna ng daan eh. = . =

"HOY MISS! GUSTO MO BANG MAMATAY?!"

O . O! Si manong driver! Hala.

'Opo! Gusto ko na pong mamatay! Ang sakit kasi eh!' sabi ko.

Pero syempre...

Joke lang yun. Tsk.

"Ay, sorry po." - ako yan sabay andar ulit ng motor. = n =

RYAN'S POV:

Nasa tapat na ako ng bahay ni Ace...

\*DING.DONG\* \*DING.DONG\* - doorbell yan.

"*Pasok.*" - voice box ng bahay nila.

Aba, himala't si Ace ang sumagot. = o =

Pumasok na ako.

"Ba't ikaw yung sumagot?" - ako

"Walang tao, ako lang." - siya

"Gusto mo sa amin ka nalang matulog?" - ako

"Wag na, doon ako kela Drea." - siya sabay ngiti.

"Sayang." bulong ko.

"Ano?" - siya

"Wala, wala. Tss." - ako

Sumakay na ako sa motor, umangkas naman siya.

>///>

Yumakap na siya kaagad.

"Para hindi na tayo magtalo." - bulong niya sa'kin habang nakayakap. =///=

Ngumiti nalang ako.

\*VROOOM!\* \*VROOOM!\* - motor yan.

o ~ o Bakit traffic?

"Ryan, check ko lang kung bakit traffic." - siya sabay baba.

Hindi na ako nakaangal. Ang bilis ba naman maglakad. = o =

ACE'S POV:

"Ryan, check ko lang kung bakit traffic." - ako sabay baba 'tas pumunta na ako sa pinakaunahan.

Mahirap na, baka umangal pa yun. XD

Tinakbo ko na para mabilis...

O . O!

Si Drea, natutulog? Sa gitna ng daan?

May problema yan.

"HOY MISS! GUSTO MO BANG MAMATAY?!" ayan nasigawan tuloy ni manong driver.

Dahil sa gulat, ayun nagising.

Hindi ko narinig yung sinagot niya sa driver.

= o = Umalis na rin siya nang tuluyan.

Narinig ko naman yung iba pang driver...

"Hay salamat..." - sila yan. = . =

Sinamaan ko sila ng tingin.

Sakto naman na nahuli ko yung mga mata nila.

Ginamitan ko sila ng cold look. = u = d

Lamigin kayo...

Nang dahil sa takot nila, nagmadali silang umalis. XD

Tinext ko si Ryan.

To: RACE Oo, *RACE ang name niya sa phone ko. Hindi ako yung naglagay, siya lang.* = . =

Sunduin mo nalang ako dito.

--

Sent\*

*~You don't have to believe me...*

*But the way I, way I see it...*

*Next time you point your finger,*

*I might have to bend it back or break it, break it off~*

Oo, Playing God by Paramore ang aking ringtone 'pag may nagtext. = u = d

From: RACE

Sige, love you.

--

>///> Tss. Kelangan ba talaga may 'love you'? Seriously.

\*VROOOM!\* \*VROOOM!\*

Ayan na pala si Ryan. = o =

"Tara na?" - siya

Sumakay na naman ako.

"I love you more." bulong ko sa kanya.

O ~ O"

"Hey! Magingat ka nga." sabi ko sa kanya.

"Y-yeah." - siya

Paano ba naman kasi, halos matumba na kami. = . =

JENNIFER'S POV:

Kasama ko si Gab ngayon. >///<

Siya kaya yung nagbigay sa'kin ng piso nung bata pa ako?

Ang lakas kasi ng kutob ko eh. > .>

"Gab." tawag ko sa kanya.

"Hmmm?" sabi niya sabay tingin sa akin habang nakangiti.

That smile. >///>

"Magkwento ka nga tungkol sa childhood days mo." - request ko.

"Bakit?" - siya

"Wala lang." - ako sabay ngiti.

Mamaya pa kami papasok.

Naglalakad kami malapit sa park ngayon. = u = d

"Upo tayo doon oh." - siya sabay turo doon sa benches ng park.

Tumango na lang ako.

"Actually, meron akong nameet na kakaibang babae dati." sabi niya sabay tawa.

"Nameet ko siya sa may bilihan ng ice cream... Nagkulang ng piso yung pera niya... Kaya ayun, binigyan ko siya ng piso, Kawawa nga eh, pero alam mo? Parang... Parang nalove at first ako sa kanya..." - siya

Nanlaki naman yung mga mata ko.

WHAT. A. COINCIDENCE.

"S-seriously? Ikaw yun?" - ako

"Huh?" - siya

"Ikaw yung nagbigay sa akin ng piso?" tanong ko.

"Ang mean ni Tsuma ko." - Ryan

Pustahan, nakapout yan. = . =

\*lingon\*

= 3=

Nakapout nga.

"Okay class, pwede na kayong magfree-time. Good bye." - ma'am sabay kuha ng mga gamit niya. = o =

"YES!" - mga kaklase ko.

Yung iba naman, naguunat ng kamay.

Yung iba nagsilabasan ng cellphone. = o =

"Ace."

Lumingon ako kung sino...

Si Vin pala.

"Oh?" - ako

"Magplano na tayo." - siya

"Ge." - ako sabay punta sa sahig at umupo. Doon sila nakapwesto eh. = o =

Sumunod naman sa akin si Ryan.

Tumabi sa akin. > . >

Nakangiti naman siya.

"Okay. Ang trainer natin..." - Vin

"Kami." - ako

"Okay." - Vin

"Kelan ba?" - Gab habang naglalaro ng angry birds sa iPad niya. = o =

"Siguro next week 'yun lilitaw, pero dahil tumakas ako, sigurado susundan ako nun." - Vin

"You should have called us." - Drea

"Malay ko ba kasing nasa bulsa ko lang pala yung phone ko?" - Vin

"Tsk." - Drea

"Eh, dapat sama-sama lang tayo." - Vin

"Paano yan, bawal kayo sumama mamaya sa akin." - ako

Tumingin naman silang lahat sa akin.

"Jamming with Claude." - inunahan ko na sila.

"Yeah, I know that." - Vin

Nasabi ko na sa kanya eh.

"Pero, can't we go with you... Privately? Yung hindi kami magpapakita." - Drea

"Ayos lang siguro?" - ako

"Saan ba yan?" - Mark

"Studio." - ako

"Mahirap magtago dun, maliit lang space dun eh." - Gab

"Sa labas nalang tayo." - Drea

"Mabuti pa nga, pero... Ang training." - Vin

Napatingin naman kami sa kanya.

"Kung Fu ulit." - ako

"ANO?!" - yung tatlo. = o =

"May angal?" - ako with my cold voice.

"Ah, wala." - kambal.

"MERON!" - Gab

"Tsk. Ang ingay mo talaga." - kambal sabay siko sa kanya.

"Aray! Masakit ah. Malay ko ba kasing ba--wal?" - Gab. Medyo humina yung boses niya nung sinabi niya yung 'wal' paano ba naman kasi, masama ang tingin namin sa kanya. = u = d

"Guys! Anong ginagawa niyo diyan?"

Napalingon kami kung sino...

Si Jennifer.

"Naguusap?" - Gab

"Anong pinaguusapan niyo?" - Sath

"Wala." - ako

"Ang daya niyo." = 3= - Sath sabay pout.

"Tss." - ako

"Bilis na, sama kami." - Jennifer

"Eh." - ako

Tumayo ako.

Pinuntahan ko silang dalawa.

"Join our gang." bulong ko sa dalawa.

Nagulat naman sila doon.

"Sath, marunong ka ba ng martial arts and such? Maalam ka naman magmanipulate ng kotse, kaya ayos ka na dun."  
- ako

"Taekwando?" - Sath

"That's fine, pero ayos sa parents mo?" - ako

"I'll ask." - siya

"Ikaw, Jennifer?" - ako

"Motor." - siya

"Nice, how about martial arts?" - ako

"Taekwando too." - siya

"Good, ayos ba sa parents mo?" - ako

"Yeah." - siya

"Are you sure?" - ako

"Fine, I'll ask them." - siya

"Good. Kapag pumayag, sabihin niyo sa akin. I'll give you the contracts. Okay?" - ako

"Yeah." - sila

Bumalik na ako sa pwesto ko sa sahig.

"What did you told them?" - Gab

"I just told them to join D.O.C." - ako

Nanlaki yung mga mata nila.

"Pumayag?" - sila

"Oo, pero they'll ask their parents." - ako

Kasi nga, dapat may parents' permission. = o =

Ewan ko, ang weird ng grupo namin. XD

"Okay. so Kung Fu ulit ah?" - ako

"Copy." - sila

Bumalik na kami sa mga upuan namin since dumating na si ma'am.

\*\*

Dismissal na.

Wala namang magandang nangyari...

Naglalakad kaming lahat papuntang exit.

Nakita ko na si Claude.

Kumaway siya.

Yung mga kasama ko naman, umurong.

Susunod nalang daw sila.

Dala ko nga pala yung mustang ko. \* Q \*

"Tara na?" - ako

"Ge." - siya

Kaya naman namin lakarin, kaya naglakad nalang kami papuntang studio.

"What song?" - siya

"Careful by Paramore." - ako

"You know it, right?" - dagdag ko pa.

"Yeah." - siya

Pagkatapos nun, tumahimik na kami.

Wala namang dapat pagusapan eh. = o =

--

## **Chapter 27**

VIN'S POV:

Habang sinusundan namin sila Ace...

Nakasalubong namin si Z.

"Vin!" - sigaw niya.

"Oy!" - ako habang kumakaway.

Napatingin naman sa akin sila Drea.

"Mauna na kayo." - sabi ko sa kanila.

Sumunod naman ulit sila kela Ace...

Lumapit ako sa kinaroroonan ni Z, at as usual...

May kasamang 'chicks' daw. = o =

"Akala ko three months ka pa sa bora?" - Z

"Tss. Long story, pero..." - ako

"Pero what?" - siya

"Permanent member ka na." - ako

"Oh?!" - siya.

"Yeah, ikaw na ang Fifth Death." - ako

"That's great. Since nagaaral na rin naman ako dito." - siya na nakathumbs-up.

"May sinusundan kami ngayon, actually." - ako

"Sino naman?" - siya

"Kakambal ko." - ako

"Oh? Sino bang kasama ni baby Ace?" - siya, napatayo nang maayos. Nakasandal kasi siya sa puno eh.

"Baby Ace?" - tanong nung babae na kasama niya.

"It's none of your business, babe." - Z

"Break na tayo!" - girl

Ako, heto. Nanonood lang. = o =

"It's alright." - Z

"What?!" - girl sabay takbo palayo.

"Ang mean mo." - ako

"Tss. Tara na." - Z

Tumango naman ako.

ACE'S POV:

Narating na namin yung studio.

Pagkapasok ko...

O . O

Ba't ang daming tao? = . =

Tumingin naman ako kay Claude.

"I brought my band here." - siya na nakangiti.

Ipinatong ko naman yung mga gamit ko sa couch.

'Tas nilabas ko na yung gitara ko.

"That's Fender Mustang, right?" - drummer ng banda ni Claude.

"Yeah." - ako habang nilalabas yung wire.

"So what song? Para ready kami." - isa sa mga guitarist.

"Careful." - ako

"By Paramore?" - guitarist

"Yeah." - ako

Cold voice ang ginagamit ko parati. = u = d

Puro lalaki ang kasama ko dito. Pero, sanay na naman ako.

"I guess we should start?" - ako pagkatapos kong ayusin yung amplifier.

"Yeah." - sila

"I'll be the lead." - ako

"Sure." - yung dapat na lead guitarist.

"Duet?" - ako

"Nah, solo by you." - Claude

"Game." - ako

Nagstart na yung intro...

*[A/N: Play niyo po yung video sa right. Iimagina niyo pong si Ace si Hayley. \* u \*]*

Hindi soundproof ang studio. Kaya naririnig kami sa labas. = . =

'Yan tuloy, ang daming nanunood. Kaya hindi pansin ni Claude sila Ryan. = o =

*~I settled down  
A twisted up frown  
Disguised as a smile, well  
You would have never known~*

*~I had it all  
But not what I wanted  
Cause home/hope for me  
Was a place uncharted  
And overgrown~*

*~you'd make your way in  
I resist you just like this~*

*~You can't tell me to feel  
The truth never set me free  
So, I did it myself~*

*~You can't be too careful anymore  
When all that is waiting for you  
Won't come any closer  
You've got to reach out a little more  
More  
More  
More, more~*

RYAN'S POV:

Ang galing kumana ni tsuma ko. \* u \*

May naririnig akong nagbubulungan...

> . >

*"Pare, ang ganda ng boses nung babae oh."*

*"Pati nga yung mukha niya ang ganda eh."*

*"Ang astig niya."*

*"Sh\*t pare, may boyfriend na kaya yan?"*

Tinignan ko naman sila nang masama.

"T\*ngna, meron na. Tara na nga." - sabi nung lalaki na nagtanong kung may boyfriend na si tsuma.

Nagsmirk nalang ako sabay nood ulit.

*~Open your eyes like i opened mine  
It's only the real world.  
A life you will never will know~*

*~Shifting your weight  
To throw off the pain  
Well you can ignore it  
But, only for so long~*

*~You look like I did  
You resist me just like this~*

Siya din pala ang lead guitarist.

At sa nakita ko, hindi na siya sumasablay. = u = d

Talagang pinagpraktisan. XD

ACE'S POV:

*~You can't tell me to heal  
And, it hurts remembering  
How it felt to shut down~*

*~Can't be too careful anymore  
When all that is waiting for you  
Won't come any closer  
You've got to reach out a little more  
More  
More  
More, more~*

*~The truth never set me free  
The truth never set me free  
The truth never set me free  
So, I'll do it myself~*

*~You can't be too careful anymore  
When all that is waiting for you  
Won't come any closer  
You've got to reach out~*

*~Can't be too careful anymore  
When all that is waiting for you  
Won't come any closer  
You've got to reach out*

*More*

*More*

*More*

*More, more~*

Natapos din ang kanta.

"Nice voice and you played the guitar smoothly." - Claude na nakangiti

"Thanks." - ako

May narinig kaming naghihiyawan...

"Claude." - pagtawag ko sa kanya.

"Yeah?" - siya

"Friends?" - ako 'tas inunat ko yung kamay ko para makipagshake-hands.

"Friends." - Claude na nakangiti.

*[A/N: I changed the 'Para humiwalay na siya sa akin' sentence sa POV ni Ace in Chap. 26, may dinagdagan ako doon. Tignan niyo para hindi kayo malito. \* u \*]*

I tapped his shoulders.

"Bye." - ako sabay kaway sa kanila.

Kumaway naman sila.

CLAUDE'S POV:

Kahit masakit...

Ayos lang, basta friends na kami.

Kesa naman mortal enemy niya ako. = 3=

Ayos na 'to.

Wala nang gulo. I guess I should search for another girl who's perfect for me.

Napabuntong hininga nalang ako pagkatapos umalis ni Ace.

"Ayos lang yan pare." - Genesis, drummer namin.

"Oo nga, may ibang babae naman diyan eh." - Jonas, lead guitarist namin.

Tinap naman ni Den yung shoulders ko, siya yung rhythm.

"Tss. Tigilan niyo nga yan! Tara na't magbar!" - Paul, pianist namin. Siya rin ang playboy sa amin. = o =

"Mabuti pa nga." - ako

ACE'S POV:

Pagkalabas ko ng studio...

"Tsuma ko!" - Ryan habang kumakaway.

Lumapit sila sa akin.

"Ang galing talaga kumanta ni tsuma!" - Ryan sabay akbay sa akin.

"Uy, tsuma raw oh." - Drea habang sinisiko ako.

"Ano bang ibig sabihin nun?" - ako

"Secret~" - sila

= 3=

"Ace, kaya pala naggigitara ka nung kinausap kita sa phone kagabi." - Vin

"Yeah." - ako

"Tara na't kumain!" - Gab

"Oh yeah!" - Mark

"Tss." - ako

Pumunta kami sa ice cream parlor na katapat lang ng studio. \* u \*

Masasarap ang mga ice cream dito, lalo na ang vanilla. \* Q \*

"Ace, tutulo na lawa---" - Vin

"Shut up." - ako habang nakatitig sa mga ice cream.

Kami yung nagoorder eh.

"Ah, kuya... Gusto ko yung vanilla ice cream in bowl, yung pinakamalaki po ah." - ako

"Ah, sige po." - kuya

Dumiretso naman ako sa may pwesto namin.

Iniwan ko si Vin mag-isa doon. = u = d

"Oh, ba't nauna ka?" - Drea

"Iniwan ko si Vin." - ako

"Hala, kawawa naman yun. Ako na nga lang sasama." - siya

"Tss. Mahal mo lang eh." > u> - ako na nakangiting pang-asar

"Oh? Lab mo yun?" - Gab

"Oo, lab na lab niya." - ako habang sinisiko si Drea

"Aba, may kapartner na pala si First!" - Mark

"Tss. Shut up nga." - Drea na namumula.

"Tss. Ngingiti na yan." - ako habang sinisiko siya

"Eh, hindi ah." - siya

"Ay, dependsib." - Mark na nakangiti

Napansin ko namang tumayo si Ryan at umalis.

"Saan papunta yun?" - ako

"Ewan? Sundan mo kaya." - Drea

"Tss." - ako

"Bilis na, sundan mo na. Baka mapano yun oy." - Gab

"Eh." - ako

"Bilis na~" - Mark habang tinutulak ako...

"Tsk. Sige na nga." - ako

Sinundan ko nga...

"Ryan!" - ako

Pero hindi tumitingin...

"Ryan hoy!" - ako

Wala parin. = 3=

"JOHN RYAN CORALDE!" - ako

Wala parin, nasa labas na nga pala kami ngayon ng ice cream parlor. = o =

"RYAN! HOOOOY!" - ako

"SECOND! 2D! HOY!" - ako

Wala parin. = . =

Ang dami na tuloy nagtitinginan.

Tsk.

"RYAAAN! JOHN RYAN CORALDE! SECOND! ENGOT! HUUUUY!" - ako habang sinusundan parin siya.

Hindi parin siya naimik. Lakad lang siya nang lakad. = . ="

Wala na, no choice na.

"SHUJIN!" - ako

Tumigil naman si Ryan, 'tas tumingin siya sa akin...

NANG NAKANGITI. = . ="

Nangaasar ba 'to?

Wala na. May scene na dito. = . ="

Ang dami nang nanunood.

May naririnig pa akong bulungan.

*"Ang sweet naman..."*

*"Kaya naman pala ayaw pansinin eh, gusto lang niya gamitin ng girlfriend niya yung endearment nila."*

*"Ang cute nilang tignan."*

"Bakit?" - Ryan

"Balik na tayo." - ako

"Tara." - siya sabay hila sa akin.

"KYAAAAAAH! Ang cute nila." - may sumigaw na bading. = o =

Nung nakapasok kami sa ice cream parlor...

Ang daming tumingin sa amin. = o =

Kumaway naman sa amin si Drea.

Pumunta naman kami doon.

"Ayos ang scene ah!" - Mark

"Tss." - ako

Pagkaupo ko...

\* Q \*

Ice creaaaam!

Agad kong kinuha ang kutsara at tinira 'yun. XD

RYAN'S POV:

"SHUJIN!" - Tsuma ko.

Ayun! Kaso walang 'ko' pero ayos na yun. \* u \*

Tumigil ako sa paglalakad tapos tumingin ako sa kanya.

"Bakit?" - ako

"Balik na tayo." - siya

"Tara." - ako sabay hila sa kanya.

Bale, tumatakbo kami ngayon. = u = d

"KYAAAAAAH! Ang cute nila." - may sumigaw...

Bading siya. XD

Nakapasok na kami sa ice cream parlor...

Napansin ko si Drea na kumakaway.

Pumunta naman kami doon.

"Ayos ang scene ah!" - Mark

"Tss." - Ace

Nakipagappear naman ako nang lihim kay Gab. 8D

Pagkaupo namin...

Nagnining-ning yung mga mata ni tsuma nung nakita niya yung inorder niya. <u <

Agad niyang kinuha ang kutsara at...

Kinain iyon.

Kaming lahat nakatitig lang sa kanya.

Nung napansin niya kami...

"What?" - siya

"Ah, wala. Wala." - ako

"Tss." - tsuma

Kumain na rin kami.

= u = d

--

## **Chapter 28**

ACE'S POV:

Ako ay karaniwang pagulong-gulong sa kama...

At parang hindi ako 'to. = . =

Kaya naman itinigil ko na ang paggulong-gulong at bumaba sa sal---

O . O

Ba't nandito si Ryan?

"Oh, anak. Gising ka na pala." at kasama niya si papa? \_\_\_?

Umupo naman ako sa tabi ni papa.

"Eh, ba't nandito po si Ryan?" - ako

"Binibista ka." - nakangiting sabi ni papa.

"Ah." - ako sabay akyat ulit.

PAPA'S POV:

"Sundan mo na si Ace." - ako na nakangiti

"S-sige po." - siya

Bagay talaga sila. Kaya nga ang saya-saya ko nung naging sila. = u = d

Aba, kahit nasa Amerika ako... May balita parin ako sa mga anak ko noh.

Hindi pwedeng hindi. Tss.

Osiya, manunood muna ako ng T.V. ^\_\_^V

RYAN'S POV:

"Tsuma ko..." - ako

"Hmmm?" - Tsuma habang binubuksan yung pintuan ng kwarto niya.

"Alam pala ni tito." - ako

^\_\_\_\_\_^

Napatingin naman sa akin si tsuma

"Na?" - siya

= 3=

"Tayo na." - ako na nakangiting malapad na malapad. ^\_\_\_\_\_^

O . O - reaksiyon ni tsuma. ?\_\_?

"Anong sabi?" - siya

"Bagay daw tayo." - ako na nakangiti parin.

Hinampas ako. = 3=

"Masakit." = 3= - ako

"Anong gusto mong gawin ko?" - siya

"Kiss mo ko." - ako sabay turo sa lips ko. ^\_\_\_\_\_^

"Ayoko nga." - siya

"Eh, sige na~" - ako habang kinukulbit yung balikat niya.

"Ayaw." - siya

"Please?" - ako naka-pout.

"Bawal." - siya

= 3=

"Isa lang?" - ako

Umiling siya.

( " \_ \_ )

"Okay... Sabi mo eh." > 3> - ako sabay talikod sa kanya.

Nakayuko ako.

Kunyari nagtatampo. ^\_\_^V

Dumiretso na ako sa labas.

"Ryan!"

May tumawag!

At si tsuma yun! ^\_\_\_\_^

Ayaw ko ngang pansinin.

Dapat shujin KO ang itawag niya. = 3=

"Bahala ka!" - siya

Hala. Nagalit! O . O

Kaya naman dali-dali akong lumingon...

O///O

Nasa likod ko lang pala si tsuma!

Kaya nakiss ko siya.

Pero, hindi siya yung nagkiss. = 3=

Pero ayos na yun! ^\_\_\_\_^V

"Tara na!" - ako sabay hila sa kanya palabas ng village nila.

Gusto ko lang maggala. = u = d

"Eh? Saan tayo papunta?" - siya

"Park." - ako

Nung naglalakad na kami...

"Tigil." - siya

Napalingon naman ako.

"Bakit?" - ako

"Kamay." - siya

"H-ha?" - ako

"Bitawan mo kamay ko." - siya

"P-pero bakit?" - ako

"Bitawan mo sabi..." - siya

Binitawan ko 'to.

Kinakabahan ako sa nangyayari...

Nang umakbay siya sa akin! O///O

"Gusto ko nakaakbay ako sa'yo! Akbay ka rin!" = u = d - siya na nakathumbs-up.

"Ba't ayaw mo holding hands?" - nagtataka ako. Pero, masgusto ko 'to! = u = d

"Para kasing hinihila mo ako eh. Masmaganda yung ganito, magkasabay tayo maglakad tsaka malapit ako sa 'yo.'" - siya na nakangiti

"Kurni." - ako

Sumeryoso naman yung mukha niya.

"Ayaw mo? Edi wag." - tsuma sabay bitaw.

"Hala! Wala akong sinabi! Dali! Akbay naaa~" - ako

"Tss. Wag na." - siya sabay una sa paglalakad.

'Yan tuloy... Hinahabol ko siya...

"Tsuma naman eh!" - ako

Wala hindi ako pinapansin... = 3=

Ang bilis niyang maglakad kaya binilisan ko na rin yung lakad ko...

Ay teka, tumakbo na pala ako.

Nung nasa likod ko na siya.

Yinakap ko siya mula sa likod. >///>

"Ito naman, joke lang yun eh." - ako habang nakayaka---

Teka, sino 'to?

Iba ang amoy eh.

\*sniff.sniff\*

Lumingon siya

@#\$%^!

"Hi pogi!" ^\_\_~

SH\*T!

BAKLA YUNG NAYAKAP KO!

"Halika nga dito!" - bakla.

"AAAAAAH! RAPE!" - ako

Tinignan ko si tsuma...

O . O

Tumatawa siya!

Bumelat pa. = 3=

"Tantanan mo ako kung ayaw mong mabugbog!" - pagbabanta ko.

"Ay! Kalerkey ka naman kuya! Hard to get ka pa!" ^\_\_~ - bakla sabay wink sa akin.

Umiling naman ako habang winewave yung dalawa kong kamay...

Yung para bang 'no thanks'.

"Halika na dit---" - bakla

"Stop it. Oh, heto bayad mo." - tsuma ko sabay abot ng pera sa bakla.

"Salamat, master!" - yung bakla... Naging boses lalaki? o . o"

Nagbow siya kay tsuma sabay alis.

"Plano mo lahat nang 'to?' - ako

"Kinda." - siya habang nagpupumigil parin siya ng tawa.

\*tsup\*

Kaya naman hinalikan ko siya. = u = d

Pero sa cheeks lang. XD

O///O - ganito mukha niya oh. \* Q \*

"Parusa mo yan!" - ako

"Gusto ko naman talaga eh. Akbay ka na, please?" - ako na naka-pout

"Tss." - siya sabay akbay sa akin.

Umakbay na rin ako. 'Tas dumiretso na kami sa park.

--

## Chapter 29

RYAN'S POV:

Nakaupo na kami sa bench ng park...

Tahimik lang kami ng ilang minuto.

"Tsuma ko..." - pagsimula ko.

"Hmmm?" - siya, yan lamang ang nasabi kasi kumakain ng ice cream.

>///>

Nahihiya akong magtanong.

"A-ano..." - ako

"Ano?" - tumingin siya sa akin, ubos na niya yung ice cream niya.

"B-ba't... Hindi ka nagreact nung una kong kiss sa'yo? Kahit pa sa cheeks yun." >///> - ako sabay iwas ng tingin.

Napansin ko namang lumaki lalo yung mata ni tsuma nung narinig niya yung tanong.

"Kelangan pa bang magreact?" - takang tanong niya.

Napatingin naman ako sa kanya.

"Kelangan pa ba yun?" - siya

"Ano..." - ako

"Syempre, first kiss yun diba?" - dagdag ko.

"Sa cheeks yun eh." - siya

"Eh nung nasa Reflection room tayo?" - ako >///>

Kamatis na yung ulo ko.

"H-ha?" - tsuma sabay iwas ng tingin.

"Ba't sa lips mo ako kiniss?" - ako

"Hoy! Di ah! Lumingon ka lang kaya... Kaya..." - tsuma

"Kaya sa labi kita nahalikan!" >///< - dagdag niya na pulang-pula yung mukha. XD

"Eh, sa labi naman talaga yung sadya mo eh...." = 3= - ako na nakapout

"Hindi ah!" - tsuma

"Tss. Gusto mo ng second ro---" - ako

\*BOOGSH!\*

T ^T Aray...

Sinikmuraan ako ni tsuma... ( / \* ^\*)/

"Perv." - sabi niya, seryoso yung tono.

"Tsuma..." - ako

Hindi ako pinansin. T ^T

"Tsuma ko...." - ako

Ako yan habang kinukulbit siya.

Wala pa rin....

Napansin ko namang tumayo siya.

"T-suma ko!" - ako sabay hawak sa kanyang kamay.

Maglalakad sana siya eh.

Binawi niya naman yung kamay niya. T ^T

"T-suma~" - ako tumayo na rin para ihug siya mula sa likod.

"Tsuma, pansinin mo naman ako." - dagdag ko.

Humarap siya sa akin...

Nakasimangot siya.

"Ayoko na..." - siya

O . O!

"H-ha?" - ako

"A-ayoko na." - yumuko siya.

"A-anong...?"

Kinakabahan ako...

"Ayoko na sabi eh!" - siya

"A-anong ayaw mo na? Tsuma naman eh! Wag kang makipaghiwalay sa akin!" - ako

Lumuluha na ako.

"Aya--ANONG WAG MAKIPAGHIWALAY?!" - sigaw niya

"Wag kang makipagbreak sa akin... Please." - ako umiiyak na hawak ko dalawa niyang kamay.

\*PAK!\*

T ^T Makikipagbreak na nga may batok pa.

"Anong break?! Ayoko nang umupo!" - siya

"Ple---Ano?" - ako

"Ayoko nang umupo." = . = - masmalakas na yung boses niya.

^ \_\_\_\_\_ ^

Buti nalang! Nakahinga ako nang maluwag.

"Tsaka anong break? Kakastart palang natin break na agad?" - nakakunot yung noo niya.

"A-ah, wag mo nang pansinin yun. Tara, lakad tayo." - ako sabay akbay sa kanya. = u = d

"Tss." - siya

"I love you." - sabi ko

"...." - hindi siya umiimik.

"I love you." - masmalakas yan.

Hindi nanaman siya sumagot, wala. Tahimik lang siya.

"Tsuma ko." - pagtawag ko sa kanya.

"Oh?" - tumingin siya sa akin.

"I love you." - ako habang nakangiti

"Ah." - siya sabay tingin ulit sa unahan. = 3=

"Wala bang 'I love you too'?" - ako na nakapout

"Ha?" - siya sabay tingin ulit sa akin.

"Wala. Psh." - ako

Ang dami nga palang tao dito sa parte ng park na 'to... = o =

\*\*

Malayo na kami sa mataong parte ng park.

Napansin kong tumigin siya sa akin.

Napansin ko yun gamit ang peripheral vision ko. = u = d

"Mahal din kita." - siya sabay tingin ulit sa dinadaan namin.

Nakangiti rin pala siya nun habang sinasabi niya yu---

ANOOO?!

Napatingin ako sa kanya.

Nakatingin lang siya sa harapan, seryoso yung mukha.

"Ano?" - ako

"Ha?" - siya sabay tingin sa akin.

"Wala. Tsk." - ako sabay tingin sa harap.

"Ang sabi ko, mahal din kita." - bulong niya sa tenga ko.

Napatingin naman ako sa kanya.

Nakatingin nanaman siya sa harapan 'tas seryoso ang mukha. = 3=

Magkaakbay parin kami ngayon. \* u \*

*"Ang cute naman nila...."*

*"Oo nga eh, ang kulit ng posisyon nila."*

*"Sana ganyan din kami ng boyfriend ko."*

May naririnig akong bulungan tungkol sa amin.

Napapangiti nalang ako.

Siguro dahil nga sa magkaakbay nga kami. >///>

"Oh, anong nginingiti-ngiti mo diyan?" - tsuma

"Wala." ^\_\_\_\_^ - ako na ang lapad-lapad ng ngiti.

"Tss. Meron yan eh." - siya

"Wala nga." - ako na nakangiti parin.

"Meron, ano nga?" - siya

"Pilitin mo ako." - nakangiti parin ako.

"Tss. Wag na nga lang." - siya sabay tingin ulit sa harap. = 3=

"Teka..." - tsuma, tumigil siya sa paglalakad.

Kaya pati ako, napatigil. Magkaakbay nga kami eh. XD

"Oh?" - ako

"Pasan tayo?" - siya sabay tingin sa akin.

"Ha?" - ako

"Saan tayo papunta?" - siya

O . O!

"S-saan nga ba?" - ako

"Aish!" - siya sabay gulo ng buhok niya.

"We're lost." - dagdag niya.

"F\*ck." - ako

"Tss. F\*ck talaga. Tara na nga pabalik..." - tsuma

"Kung saan man yun." - dagdag niya sabay tingin sa akin.

Magdidilim na rin pala. = o =

ACE'S POV:

Naglalakad kami ngayon ni Ryan pabalik.

Hindi na kami magkaakbay. = o =

Nilabas ko yung iPod Shuffle ko, at as usual... Kinuha niya yung isang earphone.

Share daw kami. > . >

Miracle ang tugtog.

At malamang, Paramore ang kumanta. XD

"Tsuma ko..." - siya

"Hmmm?" - ako

*"Ikaw yung miracle ko."*

May sinabi siya, kaso hindi ko naintindihan.

"Ha?" - ako sabay tingin sa kanya.

"Wala." - siya na nakangiti

"Tss." - ako sabay tingin ulit sa dinadaan namin.

Paliko-liko kami hanggang sa....

Inabot na kami ng dilim. = 3=

Oo, hindi parin kami nakakauwi.

Lowbat naman cellphone ko. Tsk.

"Ryan." - ako

"Shujin KO kasi." - siya, diniinan pa talaga yung 'ko'.

"Tss. Peram cellphone, dala mo?" - ako

"Oh." - siya sabay bigay sa akin.

Tinext ko si papa.

To: 0919\*\*\*\*\*

Message: Pa, pauwi na po kami. Ace 'to.

Send\*

"Sino tinext mo?" - siya

"Papa." - ako

"Ah."

\*bzzzt\* \*bzzzt\*

Nagvibrate naman phone niya.

Tinignan ko yung reply.

From: 0919\*\*\*\*\*

Message: Cge, pero... Asan kau?

To: 0919\*\*\*\*\*

Message: Nawawala po kami eh.

Send\*

Ibibigay ko na sana kay Ryan yung phone kaso...

\*bzzzt\* \*bzzzt\*

From: 0919\*\*\*\*\*

Message: Ano?! Diyan lng kau!

To: 0919\*\*\*\*\*

Message: Tsk. Sige.

Send\*

"Oh, ano raw sabi?" - Ryan

"Dito lang daw muna tayo." - ako

"Tss. Upo muna tayo." - siya

Umupo naman kami. Yung upong walang upuan. = o =

--

## **Chapter 30**

ACE'S POV:

Ilang oras na kami dito nakaupo ni Ryan. = o =

Parang konti nalang hihiga na kami. Kurni.

> . >

< . <

Wala na rin palang taong dumadaan.

Siguro dahil gabi na rin kasi.

"Tsuma ko..." - Ryan

Napatingin naman ako sa kanya.

"Oh?" - ako

"Aishteru." - siya na nakangiti.

>///>

Umiwas naman ako ng tingin.

Naramdaman ko namang lumapit sa akin si Ryan.

"Aishteru~" - bulong niya sa tenga ko.

<///<

"Aishteru!" - medyo malakas na yung boses niya.

"Shut up." - ako. =\_\_=

Nagpout naman siya.

"Aishteru." - siya ulit

>///>

"S-shut up." - ako

"You're stammering." - siya

"Tsk." - ako

O///O

=///=

Bigla naman niya akong hinug.

"Siguro malamig kaya ka nauutal." - siya

"Ihuhug nalang kita!" - dagdag niya na parang bata.

Nakatalikod ako, 'tas siya nasa likod ko yakap ako.

Nakaupo pa kami parehas. = o =

'Di kaya mangawit kami nito? XD

"Nah, it's not cold." - ako

"Eh, then why are you stammering?" - siya

"Nevermind about that." - ako

"But still, I wanna hug you." - siya

"Kulit mo." - bulong ko

"Hmmm?" - siya, hindi yata narinig bulong ko. 8D

"Secret." - ako sabay tayo.

"Oh, ba't ka natayo?" - siya, tumayo na rin. = o =

"Ngawit na ako eh." - paliwanag ko.

"Buhatin nalang kita." - siya

"Ayaw." - ako

= 3= - Ryan

:

May narinig kaming kotse na parating...

Napatingin kami sa direksyon kung saan yun.

"Kotse ni tito yun ah?" - Ryan

Napatingin naman ako sa kanya.

"Kabisado ko plate number at yung kotse." ^\_\_\_\_^ - siya

Agad namang lumabas si papa...

Kasama si Vin. :O

"Ace! Ryan!" - Vin habang kumakaway.

Ngumiti naman si Ryan bilang sagot.

Ako wala. 8D

"Anak, Ryan, pasok na kayo." - papa

Kaya naman pumasok na kami...

Sa backseat.

Tatabi sana sa akin si Vin kaso...

"Tabi kami ni tsuma ko." - request ni Ryan. = o =

"Eh, miss ko na kakambal ko." - Vin

"Vin anak, dito ka sa harap." - papa

"Tsk. Sige na nga." = 3= - Vin sabay pasok sa harap.

Si Ryan naman pumasok na ang lapad-lapad ng ngiti...

"Papa." - ako

"Hmmm?" - siya habang nagdadrive

"Paano mo kami nahanap?" - ako

"Natrack ko kung nasaan kayo gamit yung phone ko. Natatrack yung phone ni Ryan eh." - papa

"Ah." - ako sabay sandal sa bintana ng kotse.

"Tsuma, dito ka sumandal oh." - Ryan habang tinuturo yung balik at niya.

"Wag na." - ako

Inakbayan niya naman ako 'tas pilit binaba yung ulo ko sa balik at niya. = o =

Napansin ko namang sumilip si papa gamit yung salamin sa harap.

Nung nahuli ko siya, agad niya namang iniwas yung tingin niya habang nakangiti. =\_\_=

'Di ko namalayan, natulog na pala ako.

VIN'S POV:

Sumilip ako sa likuran...

O . O!

"Papa, peram cellphone." - ako

"Bakit anak?" - papa

"Basta." - ako

Ibinigay naman ni papa yung cellphone niya.

"Ano bang gagawin mo?" - siya

"Tignan mo kaya yung nasa likuran." - ako habang pinipicturan yung dalawa. 8D

O . O - papa

"Bilis! Picturan mo pa!" - papa habang pinagtutulak ako.

"Heto na nga po oh!" - ako habang pinipicturan parin sila.

Ba't namin pinipicturan? Parehas kasi silang tulog.

Si Ace nakasandal sa balikat ni Ryan, si Ryan naman nakasandal sa ulo ni Ace.

Hawak pa ni Ryan yung kamay ni Ace na nakapatong sa lap niya. 8D

Odiba, ang ganda ng pose? = u = d

At dahil sa flash ng cellphone...

Napansin namin ni papa na nagigising na sila. Kaya agad na kaming humarap sa daanan.

Pinara nga pala ni papa yung kotse sa tabi, kasi pinakita ko sa kanya yung dalawa sa likod. 8D

ACE'S POV:

\*flash\* \*flash\*

Ano yun? = o =

Baka nananaginip lang ako.

Pero, parang totoo eh.

Unti-unti kong dinilat yung mga mata ko...

"Err..."

Parang nagigising na rin si Ryan...

O///O - kaming dalawa

Napaayos kami ng upo.

Tas umiwas kami ng tingin. >///>

"Ah... Ehrm." - parang umubo si Ryan

Napatingin naman ako sa kanya.

Ang pula niya parin. = o =

"S-sorry." - Ryan

"A-ayos lang." - ako

"Okay, we're here." - papa na nakangiti nang malapad.

"Nakakapagod talaga." - Vin na nakangiti ring malapad.

Nagtinginan naman kaming dalawa ni Ryan.

Para bang sinasabi namin na 'anong meron at nakangiti sila'. Yung parang ganun.

Parehas naman kaming nagkibit-balikat.

"Ryan, dito ka na rin matulog." - papa

"Oo nga." - Vin

O . O! - ako

"H-ha?" - Ryan

"Pwede namang dito ka nalang matulog." - papa na nakangiti

"Ah, wag na po." - Ryan

"Hindi, pwede naman eh." - papa parin. = o =

"S-sige po." - Ryan na nakayuko.

"May guestroom naman dito eh." - papa

Tumango na lang si Ryan

"Ace, samahan mo siya papunta sa guestroom ah?" - Vin na nakangiting malapad. = 3=

"Oh-kay... Magbibihis na muna ako." - ako

Tumango naman si Vin

\*\*

Pagkatapos kong magbihis...

Lumabas na ako ng kwarto ko 'tas pumunta ako ng sala.

"Tara na." - ako

Tumayo naman si Ryan 'tas tumingin kela papa.

Tumango naman sila papa habang nakangiti.

"Teka." - bulong ko.

"Papa, ba't kanina pa kayo nakangiting malapad?" - ako

"Ewan? Masama bang mangiti?" - papa

"Hindi naman kaso, parang may pinaplano kayo eh." - ako

"A-ah, wala ah." - papa

"Tss." - ako sabay tingin kay Ryan

"Tara." - ako ulit

Tumango naman si Ryan.

Nung pumasok kami ni Ryan sa guestroom...

"Ito yung guestroom, meron diyang mga damit sa cabine---"

\*BLAM!\*

O . O - kami ni Ryan

Napatingin kami sa pintuan...

Nakasarado...

Pinilit kong buksan...

"Sh\*t." - ako

Nakalock.

Sabi na nga ba eh! May plano yung dalawang yun!

"Bakit?" - Ryan

'Nalock tayo." - ako

"A-ano?!" O . O! - Ryan

"HEY! BUKSAN NIYO NGA 'TO!" - ako habang kinakatok nang malakas yung pintuan.

Hindi ko naman masira-sira kasi inaantok na ako. = 3=

Iisa lang din naman kasi yung kama dito, 'tas wala ring couch.

RYAN'S POV:

"Plano nila 'to." - tsuma sabay tingin sa akin.

Sila... Yung nagplano nito? o . o"

"Paano na yan?" - siya

>///>

"Wala tayong magagawa, tabi tayong matutulog." - ako na seryoso yung mukha.

O///O - tsuma

"Pero magkabilang sides tayo ng kama... Kasi, alam mo na." - ako parin sabay yuko.

"Ang loko-loko kasi nila papa eh. Tsk. Patay sa akin yun bukas kapag nakalabas na ako dito." - tsuma

"Eh, magbibihis ako." - ako

:"H-ha?" - napatingin si tsuma sa akin.

"Magbibihis ako." - ako sabay kuha ng damit sa cabinet.

"Ah." - tsuma sabay talikod sa akin.

"Ba't ka nakatalikod?" - ako = o =

"Magbibihis ka eh." - siya na nakatalikod parin.

Nagbihis na ako, pero half-naked. 8D

"Ayos na." - ako

"Oka---FUCK." - Tsuma na gulat na humarap sa akin.

"Magt-shirt ka nga!" - dagdag niya sabay bato ng t-shirt sa akin.

Sapul sa mukha ko. = o =

Sinuot ko naman yun.

"Matutulog na ako." - tsuma sabay higa sa kama. Sa pinakadulo, left side. = o =

Sumunod naman ako, pero sa right side naman ng kama.

"Tsuma ko..." - ako

"Hmmm?" - tsuma

"Good night." - ako na nakangiti

"Ah." - tsuma. = 3=

"Wala bang 'good night din'?" - ako na nakapout. = 3=

"Tss. Oh, good night." - tsuma sabay talikod

Ngumiti naman ako 'tas natulog na rin.

--

### **Chapter 31**

VIN'S POV:

Umaga na... ^\_\_\_\_\_^

Excited na akong makita yung posisyon nila Ace at Ryan. 8D

Pinagplanuhan namin 'to ni papa eh.

Alam kong pinapabantayan ko si Ryan kay Mark...

Pero minsan lang naman 'to eh. = 3=

Malamang patay ako sa kakambal ko nito.

Dali-dali kong kinuha yung camera sa drawer ko 'tas lumabas na rin ako.

Ginising ko si papa.

"Papa \*alog.alog\* Papa! \*kulbit.kulbit\* Gising naaa!" - ako

"Bakit ba? Natutulog pa ako eh." - papa sabay talukbong ng unan niya sa ulo.

"Eh, titignan pa natin sila Ace!" - ako habang inaalog-alog siya...

\*BOOGSH!\*

"Aray!" - kami yan ni papa.

Paano ba naman kasi, biglang napabangon.

Yan tuloy, nagkauntugan pa kami. = o =

"Aba, tara na't tignan natin ang kalagayan nila!" - siya sabay labas ng kwarto.

Nakalimutan pang magslippers. < . <

Sumunod naman ako.

Na kay papa yung susi kaya ginising ko siya eh. Kung nasa akin lang, kanina ko pa sila pinagpipicture.

Mukha tuloy kaming press sa mga kilos namin. XD

Unti-unting binuksan ni papa yung pintuan....

\* \_\_\_\_\_ \* - kami

\*flash\* \*flash\*

Picture dito, picture doon.

Paikot-ikot ako sa kwarto, pinagpipicture ko sila sa kahit anong angulo. 8D

Photographer ang dating, diba? = u = d

"Anak! Damihan mo yung pictures!" pangungulit ni papa

"Heto na po!" - ako

\*flash\* \*flash\*

Nakita naman naming gumagalaw na sila.

Naabala siguro dahil sa mga flashes.

Kaya naman dali-dali kaming lumabas ni papa sa kwarto at nilock ulit yun...

Habang tumatawa nang tahimik. XD

Yung tipong nakatakip yung bibig mo gamit ang kamay mo. 8D

Ganun ang drama namin ngayon ni papa.

RYAN'S POV:

\*flash\* \*flash\*

Ano yung liwanag na yun? \* \_\_\_\_ \*

Dinilat ko ang aking mga mata nang dahan-dahan....

O///O

Para akong nafreeze sa posisyon ko ngayon...

Napansin ko ring dumilat na rin si tsuma ko...

O///O! - tsuma ko

Agad naman kaming tumingin sa ibang direksyon.

Bale, magkatalikod na kami ngayon....

"A-ano..." - siya

"S-sorry." - ako habang nakayuko. <///<

Nahihiya ako. = 3=

"U-uhm..." - siya

"Ano... P-pasensya na, m-magulo ako matulog eh." - ako

"A-ayos lang." - siya

Paano ba kasi ang posisyon namin kanina?

Magkaharap lang naman kami sa isa't-isa 'tas ang lapit-lapit ng mukha niya sa mukha ko 'tas magkayakap pa kami.  
>///>

Ito pa ang matindi, nakapatong yung legs ko sa katawan niya.

Sh\*t. Ba't ba kasi ang gulo kong matulog?! /gulo sa buhok mentally.

Tsk. Nakakainis. Baka maging awkward ang pakikisama niya sa akin nyan.

Kahit ba na kami pa. Eh, bata pa kaya kami. = 3=

"Ano... Lalabas muna ako ah." - tsuma

Napatingin naman ako sa kanya.

Sinubukan niyang buksan yung pintuan...

Nakalock parin. = . ="

\*BOOGSH!\*

O . O!

Sinuntok niya yung pintuan.

Wasak, parang sa may wall doon sa clinic. 8D

Nahuli naman namin sila Vin na nakaupo doon sa natirang parte ng pintuan. = o =

Bumangon na rin ako.

"A-ah! Hala! Anak sinira mo nanaman yung pintuan?!" - tito

"Tss. Wag ka ngang magmaang-maangan papa! Patay kayo sa akin ngayon!" - tsuma

"Wala akong kinalaman diyan oy!" - Vin

Tumingin naman ako kay Vin

"Meron eh! Patay ka sa akin!" - ako

"H-hoy! Ace anak! Tatay mo parin ako!" - tito habang naglalakad nang patalikod. = o =

"Eh! Gumawa kayo ng kalokohan eh!" - tsuma

"H-hindi ako nagpasimuno! Si Vin!" - tito sabay turo kay Vin

"A-ano?! Eh, bakit kayo tumulong?!" - Vin

"H-ha? Ah eh..." - tito sabay yuko.

"Patay kayo ngayon! Hetong sainyo! YAAAA!" - tuma sa bayag daga kay tito.

Niwrestling niya ang kanyang ama. = o =

"Aray! Anak bumigat ka!" - tito habang hinahampas yung sahit.

"Kulang pa yan! Hetong pa!" - tuma sa bayag pilipit ng kamay ni tito. XD

"ARAAAAAY!" - tito

Ako naman, si Vin yung inaatupag ko. 8D

Sinamaan ko siya ng tingin. Yung tingin na parang nagsasabi ng 'humanda ka sa akin ngayon'.

"Hehe?" - Vin sa bayag takbo paloob sa guestroom....

Sinundan ko naman siya.

Binato ko yung sapatos ko...

SAPUL!

Tumama sa ulo niya. 8D

"Aray!" - Vin habang hinihimas-himas yung ulo

Niwrestling ko rin siya. = u = d

"MASAKIIIT! AHHHH!" - Vin habang sinasabunutan ako.

"Tama lang sa'yo yan! Wag mong sabunuta--aray! Ouch! Ouch! AAAH! Sh\*t ka dude, masmatindi ka pa sa babae kung manabunot!" - ako habang dinadagan siya

Hindi ko naman malagas yung buhok niya kasi konti na nga lang puputulin ko pa.

Jukk. 8D

Oo na, kurni na. = . ="

"Dapat lang say---ARAY! Masakit kasi!" - Vin

Agad ko kasing kinuha yung mga kamay niya 'tas pinilipit ko ang mga ito.

Inupuan ko pa yung mga paa niya kaya wala siyang kawala. = u = d

ACE'S POV:

Tumigil na ako.

Kawawa si papa eh. Mahirap na. XD

Ang ginagawa namin ngayon?

Nanunood ng movie. = o =

Kumakain pa kami ng popcorn ah... 'Tas live na live pa talaga ang movie.

Bakit? Kasi nasa harapan na namin eh.

Dalawang baliw, nagrewrestling.

Parang naglalaro lang ng twister eh? Kurni. = 3=

"Hoy mga bata, tigilan niyo na nga yan." - papa

Napatayo naman sila nang maayos. = u = d

Ginamit ni papa yung seryosong boses niya eh... *Kahit nakangiti.* > . >

"Kasi siya eh!" - silang dalawa sabay turo sa isa't isa. Tss.

DALAWA - Vin at Ryan

"Anong siya? Kayong dalawa kaya." - ako

"Eh, siya ang nagstart!" - Ryan sabay turo kay Vin

"Ako nga pero ikaw unang sumugod!" - sagot naman ni Vin. = o =

"Ewan ko sa inyo. Tss. Magsiligo na nga kayo! Ang babaho niyo na." - papa sabay labas ng guestroom.

Lumabas na rin ako. 8D

Naligo na ako, inunahan ko na silang dalawa. = u = d

Mamaya ang pasok namin ngayon, may meeting ang teachers eh. XD

\*TOK.TOK.TOK\*

"Hoy Ace! Ako muna!"

Si Vin. =\_\_=

"Ayoko nga! Naliligo na ako eh!" - ako kahit hindi parin naman. Inaayos ko palang yung mga gagamitin eh. 8D

"Eh ba't wala akong marinig na buhos ng tubig?!" - Vin habang kinakatok yung pintuan

"Wala ka na dun! Tss. Maghintay ka nga!" - sigaw ko

Nagumpisa na rin akong maligo. = u = d

RYAN'S POV:

Nandito ako sa living room, nakaupo sa sofa. = o =

Ang sakit ng anit ko dahil sa pagsabunot sa akin ni Vin.

Parang babae. Psh.

Napansin kong may bumababa...

Napatingin ako sa hagdanan.

"Oh, ba't ganyan mukha mo?" - ako

Si Vin, busangot ang mukha. = o =

"Tsk. Inunahan ako ni Ace maligo eh." - siya

"Tss. Inunahan tayo kamo." - ako

Umupo naman siya sa sofa.

"Sabihin mo nga." - siya

Tumingin naman ako sa kanya.

"Anong ginawa mo kay Ace habang nalock kayo sa guestroom?" - biglang tanong niya.

\*cough.cough\* \*cough.cough\*

Halos mabulunan ako sa kinakain ko nung nasabi niya yun.

Kumakain nga pala ako ng pizza. = o =

Binigyan ako ni tito eh.

"A-anong ibig mong sabihin?" - ako

"Wag ka ngang magmaang-maangan pa! Tss." - Vin

"Wala naman eh!" - ako

O . O! - Vin, yan yung reaksiyon niya. Tss.

"Oh, anong mukha yan?" - ako

"Natiis mo yun?" - siya

"Ye---" - hindi ko natapos yung sasabihin ko kasi...

\*ring.ring\* - cellphone ko yan. = o =

May nagtext. :O

Tinignan ko naman yung message...

From: Mark

Message: Mokong! San ka pumunta?! Nandito na sila mama!

--

O . O!

Muntik ko nang mabuga yung kinakain kong pizza pero nalunok ko yun...

Kaya nabilaukan ako...

\*cough.cough\* \*cough.cough\*

"Hoy Ryan, ayos ka lang?" - Vin

"T-tubig! Tubig!" - ako habang hinahampas yung dibdib ko.

Dali-dali namang kumuha si Vin ng tubig at agad naman yun ibinigay sa akin...

Ininom ko yun.

"Ano bang problema mo?" - Vin

"Sila mama..." - ako

"O, anong problema tungkol kela tita?" - siya

"Nandito na!" - ako

"ANOOO?!" O . O! - siya

"Oh, bakit anak? Anong problema?" - tanong ni tito

"S-sila tita po, nakauwi na." - Vin

"Sinong tita?" - tito

"Mama nila Ryan." - Vin

"Ha? Napaaga?" - tito sabay tingin sa akin.

"Ano, ngayon po yun uuwi talaga. Nakalimutan ko lang dahil sa KALOKOHAN ni Vin." - ako sabay tingin kay Vin, diniinan ko pa yung 'kalokohan'.

"Tss." - Vin

Tumayo na ako.

"Ah, tito salamat po." - ako habang nakangiti

"No problem, son." - tito

O . O! - ako

"Oh, reaction mo. Tss." - tito sabay balik ng kusina

"Ryan mukha kang timang. Bilisan mo na't umuwi ka na..." - Vin habang tinatap yung balikat ko.

"Oo na." - ako sabay labas ng bahay. = o =

MARK'S POV:

Nagbebreakfa---

\*ding.dong\* \*ding.dong\*

May nagdoor bell. = o =

Sino naman kaya yung abal----

"MAMA?!" - ako

"Ako nga." - mama. \* Q \*

Agad ko namang yinakap si mama.

"Ma, asan si papa?" - ako sabay kalas sa yakap

"Nandoon pa, nilalabas yung mga pasalubong." - siya

"Ah, tulungan ko lang po si papa dun." - ako

Tumango naman si mama.

Kainis, dapat si Ryan gumagawa nito eh. = 3=

"Papa!" - pagtawag ko.

Kumaway naman si papa

"Tulungan ko na po kayo diyan!" - ako sabay buhat nung apat na supot.

"Salamat anak." - papa

Ngumiti na lamang ako 'tas pinasok sa loob yung mga supot.

Pumasok na rin si papa.

"Kamusta naman kayo dito ni Ryan sa apartment?" - mama na kinakain yung breakfast ko. = 3=

"Ma! Sa akin yan!" - angal ko.

"Ah, ganun ba? Sorry!" - mama 'tas inubos yung pagkain ko nang mabilis.

"Papa oh!" - ako

"Tss. Dapat lang oy, tumataba ka na." - papa

"Ano?! Ako? Tumataba?! Sa macho kong 'to?" - ako sabay pakita ng biceps ko. 8D

"Tss. Syempre, mana sa akin eh." - papa sabay apir sa akin. Pero hindi ko sinalo. XD

"Hindi kaya." :p - ako

"At kanino naman?!" - papa

"Sa kanya!" - ako sabay turo kay mama na kumukuha pa ng pagkain sa ref. = 3=

Lumingon naman si mama na may dala-dalang chocolate 'tas nakabow, yung para bang tinatago niya yun. = o =

"Ah? Hehe." - mama

"Ano?! Sa kanya?! Ang taba niya ah!" - papa

"Hoy! Juan anong mataba! Sexy kaya ako." - mama habang kinakain yung kisses na binili ko para kay Sath.

"Mama! Wag yan! Para kay a-ano yan eh!" - ako

"Anong ano?!" - sabay pa sila mama at papa. = 3=

"Ano... Secret!" - ako sabay takbo pataas.

Nahila naman ako ni papa. T ^T

"May girlfriend ka na ba anak?" - seryosong tanong ni papa.

"Hay! Salamat naman! May anak na rin akong dalaga!" - mama 'tas yung mukha parang nagdedaydream. Yung nagbub beautiful eyes. = o =

Pero, ang creepy ng mukha.

"Wala po." - ako habang nakayuko

"Nililigawan? Sinusundan? STINOSTALK?!" - sunud-sunod na tanong ni papa

"WALA." - ako

"Meron yan eh! Ayeh! Ayeh!" - papa haban sinisiko ako.

Pinipigilan kong ngumiti. WAG KANG NGINGITI!

"Meron yan." - papa habang sinisiko parin ako.

Wala na, nangiti na ako.

"Oh! Meron nga! Georgia! Tignan mo oh! Meron si Mark!" - sigaw ni papa

"Ha?! ANO?! DIBA PARA SA MGA BABAE LANG YUN?!" - mama. o . o"

"Engot! Merong ano nga ba... Mark? Girlfriend? Nililigawan?" - papa sabay baling ng atensyon sa akin.

"Nililiga-wan." - ako medyo mahina yung pagkabigkas ko ng 'wan'. >\_\_<

"Umaasenso na ang aking anak! Pero teka, asan si Ryan? Miss ko na rin yun." > 3< - mama na nakapout.

Tss. Tanda-tanda na nagpapout pa. = o =

"Ewan ko dun." - ako

"ANO?! Nawawala siya?!" - papa

"Hindi, hindi ko lang po talaga alam kung asan." - ako

"Edi nawawala nga!" - papa

Tinext ko naman si Ryan nang palihim...

Habang nagwawala sila mama sa kusina.

Sinusugod nila yung ice cream para RAW kay Ace, sabi ni Ryan. = . =

Akala ko pa naman hahanapin nila yun, pero nilantakan nila yung ice cream. 8D

\*POK\*

O . O!

Binatuhan ako ni papa ng ice cream sa nool! \* ^\*

"Hala! Papa naman eh! Ang lagkit kaya nito." - ako habang pinupunas yung noo ko.

"Tss. Ba't ka kashi nakatayu diyan? Mukha kang tuod." - papa habang may kutsara sa bibig. = o =

"Wala la---"

"MAMA! PAPA! NANDITO NA AKOOO!"

Napalingon naman ako kung sino.

Sino pa ba? Edi si Ryan. = o =

"Anaaak!" - mama at papa habang tumatakbo papunta kay Ryan nang...

*Mabagal.* = . =

Teleserye 'to?

"Ma, pa... Ang O.A." - Ryan, mabuti nalang at hindi nakisakay. = u = d

"Ikaw naman. Tss." - mama

"MA! PA! SI RYAN MAY GIRLFRI--numnumnum"

\*BOOGSH!\*

Tinakpan ni Ryan yung mukha ko.

Pero hindi naman talaga takip, kasi nabend yung katawan ko eh.

Tampal na paharap. At hindi side by side. = o =

"ANO?! MAY GIRLFRIED?!" - papa

"Piniritong babae?!" - mama

"Wala! Nevermind niyo nalang yun! Alam niyo naman si MARK." - Ryan sabay tingin sa akin, diniinan pa talaga yung 'Mark'. = 3=

Inirapan ko siya

"HALA! MAY BAKLA AKONG ANAK!" - papa na mukhang ewan.

"AAAAAH! Bakla yung kakam---numnumnum" - Ryan

\*BOOGSH!\*

Gumanti ako sa kanya. 8D

"Mga anak, kanina pa kayo ganyan nang ganyan." - papa

"Oo nga, para kayong mga timang." - mama

"SYEMPRE! MANA SA INYO EH!" - sabay naming sabi ni Ryan. = u = d

"Ano?! Ikaw kasi eh!" - mama sabay tampal kay papa.

"Ikaw kaya!" - papa sabay tampal kay mama.

"Tigil na! Ops--Aray! Ouch! Araaaay!" - ako.

Humarang kasi ako sa kanila eh. = 3=

Masyado ba akong maliit para hindi nila mapansin at ako ang tampal-tampalin nila?

"Ay sorry anak." - papa

"Hala, sorry." - mama sabay himas ng pisngi ko.

Si Ryan naman, ayun nagpipigil ng tawa.

"Ryan, ilabas mo na. Tss." - ako

"BUWAHAHAHAHAHA!" - silang lahat. = o =

"Pero seryoso mama, may girlfriend na yan." - ako

"Oh? Edi maganda!" \* u \* - mama habang nagdedaydream nanaman.

"Oh?! Sino naman yun? Ha?! HAAAA?! SAGUTIN MO AKOOO!" - papa habang kinocorner si Ryan. XD

"A-ano. Ano, ah. Uhm..." - Ryan

"Bilis!" - papa habang inaalog-alog si Ryan. = u = d

"Si ano... Si... Ah basta! Magkikita rin kayo bukas!" - Ryan

"Talaga?!" - sabay nilang sabi ni mama.

Tumango naman si Ryan

"Eh ikaw Mark? Kelan mo ipapakilala sa amin yung NILILIGAWAN o GIRLFRIEND mo?" - mama sabay akbay sa akin. Diniinan pa talaga ang pagkabigkas ng 'nililigawan' at 'girlfriend' = o =

"Nililigawan ma!" - Ryan

"Ah ganun ba? Tsurì." - mama sabay balik ng kusina 'tas nilantakan yung ice cream

"MAMA! PARA KAY ACE YAN!" - Ryan

"Ace? Sino yun?" - mama

"Girlfriend niya." - ako

"Ace what?" - mama

"Ramirez..." - ako

Siniko naman ako ni Ryan.

"Aray!" - ako

"ANOOO?!" - mama at papa sabay tingin kay Ryan. XD

"Ano..." - Ryan. 8D

"Bukas ah! Ipapakita mo sa amin si Acey!" - mama

"Acey?" - kami ni Ryan

"Yun ang tawag namin kay Ace." - nakangiting sabi ni papa.

"Nakakamiss din yung batang yun noh?" - dagdag pa ni papa, kausap si mama.

"Oo nga eh." - mama na nakangiti.

Para bang nagrereminisce sila. = o =

"Ibig sabihin... Tanggap si tsuma ko sa angkan?" - Ryan

Napatingin naman sila papa sa kanya.

"Tsuma?! Kinasal ka na?! Kung kinasal ka na, ba't girlfriend mo si Ace?! 'Tas hindi pa kami invited?!" - papa

"Papa, yun ang tawagan nila ni Ace. Tsuma ko, shujin ko. Tss." - ako

May lahi kasi kaming Japanese, pero si papa, pinoy na pinoy. 8D

"Ah, wala ba kayong pasok ngayon?" - papa

"Mamaya pa po." - Ryan

Mabuti nalang at mamaya pa ang pasukan, kung hindi baka sira na 'tong apartment. T ^T

Sira na kasi nga... Magwawala sila mama kung bakit wala pa kami dito. Tss. = . ="

"Ah, kain na muna kayo." - papa

"Paano naman po kami makakakain kung inubos niyo na po ni mama yung pagkain namin?" - matamlay kong tanong

Napatingin naman sa akin si Ryan

"Anong... Ibig mong sabihin?" - bulong niya

"Tignan mo yung loob ng ref para malaman mo." - ako

Ginawa naman niya.

RYAN'S POV:

Inhale...

Exhale...

Hihilahin ko na yung handle ng ref...

\*bukas\*

O . O!

WTFOMGFCKSHT.

T\*ngna, anong nangyari dito?!

Ba't... Ba't tubig nalang yung laman?! Ang alam ko kakagrocery lang ni Mark kahapon ah?!

Tinignan ko sila papa.

Si mama naka-peace sign 'tas si papa nagiwas ng tingin.

"Paano naubos 'to nang isang araw?" - ako

"Malamang kinain! Anak naman, common sense." - papa

"Eh punung-puno 'to ah?" - ako

"Eh, gutom kami?" - papa

"Tss." - ako sabay untog ng ulo ko sa ref.

"Anak para kang baliw." - mama

"Tss. Mama naman eh! Inubos niyo na nga yung pagkain namin tapos... Tapos... Tsk." - ako

"Tsurì na." > 3< - mama na nakapout. ( " \_ \_ )

"Tss. Sige na nga." - ako

"YES!" - mama sabay apir kay papa.

Napailing nalang kami ni Mark sa ina-asal nila.

Ano kayang masamang espiritu ng bata ang sumanib sa kanila. Lumabas ka na sa katawan nila please. \* ^\*

"Ah, mama maghahanda na po kami." - Mark

"Kumai---" - mama

"WALA NGANG PAGKAIN." - kami ni Mark.

"Oo nga pala. Tsurii!" ^\_\_\_^V - mama sabay peace sign. = o =

"Bibili na lang kami ng ayskrim bukas, diba dadating si Acey?" - papa

"Sige po." - ako, nangiti naman ako dun.

"Vanilla ang gusto niya diba?" - mama habang nakatingin sa itaas 'tas yung index finger nasa chin niya. Yung parang nagiisip.

"Yeah." - ako

"Tas Selecta yung brand na favorite niya. Yung super thick." - papa

Nagnod naman ako.

"Okay!" - mama sabay thumbs up.

"Thanks po!" - ako sabay takbo paloob ng C.R.

"HOY! AKO MUNA!" - Mark

"Ayoko nga! Nasa loob na ako eh!" - ako sabay sarado ng pintuan 'tas nilock ko.

"AH! ANG DAYA NAMAN EH!" - narinig kong sigaw ni Mark habang sinusuntok yung pintuan. 8D

"Mamaho ka! Kasi naman hindi pa naligo!" - ako

Nagstart na ako maligo. = u = d

ACE'S POV:

Kumakain na ako.

Pero hindi na pizza ang pagkain. ( / \* ^\* ) /

Pero ayos lang. Sabi ni papa magpapatayo siya ng Pizza Hut booth sa loob ng campus eh, sa tabi raw ng soccer feild. \* u \*

Si Vin, ayun naliligo. Halatang-halata nga kanina na kating-kati na siyang maligo kanina pa eh. = u = d

Hindi kami sabay kami ni Drea papasok ngayon ( " \_ \_ )

Magpapaiwan na raw muna si Vin dito sa bahay. Tss.

May special treatment siya kaya ganun. Kasama sa 4D's eh? Nasabi yun ni Drea sa akin eh. Hindi ko lang matandaan kung kelan. = o =

"Pa! Alis na ako!" - ako pagkatapos magtoothbrush at linisin ang mukha.

"Oo sige! Ingat anak!" - papa

Dinala ko na yung bag at iba pang mga bibit-bitin.

"Vin! Una na ako!" - ako

"GE LANG!" - Vin sa C.R. 8D

Tumingin naman ako kay papa.

Tumango naman siya, kaya lumabas na ako ng bahay.

Magbabus ako ngayon, ulit. = u = d

Tinatamad akong magmotor eh. Baka mamaya sumemplang ako kasi tamad nga ikontrol. 8D

Eksayted na rin akong bumili ng ayskrim sa dismissal. \* u \*

Sumakay na ako sa bus pagkatapos ng ilang minutong paghihintay sa tapat ng bus stop.

\*\*

"Sinong bababa sa Alfonso Academy?" - manong drayber.

"Ah, ako po." - ako sabay bayad 'tas bumaba na ako.

"TSUMA KO!"

Alam na natin kung sino yan. = o =

Tumingin naman ako sa left side ko.

At ayun siya, kumakaway habang nakangiti.

Nasa labas pa kami ng campus. At pansin ko, lahat ng mga lumalabas sa eskwelahan eh tumitingin sa amin ni Ryan.  
> . >

"Sabay na tayong pumasok." - Ryan

"Asan si Mark?" - ako

= 3= - ganyan mukha niya. .\_\_.

"Ako kasama mo pero kakambal ko hinahanap mo?" - siya na nakapout parin.

"Tss. Curious lang, parati kayong sabay diba?" - ako

"Eh, umuwi na sila mama eh." - siya

"Oh?" - ako

"Yeah, and they're inviting you to come in our apartment." - siya

"Ah, okay." - ako

"They bought vanilla ice cream." - siya na nakangiting malapad.

Mukha ko from = . = to \* Q \*

"Fine, I'm sure that I'll come." - ako

"That's great!" - siya sabay hila sa akin paloob ng campus.

Kada may dumadaan na estudyante, tumitingin sila sa AMIN. = o =

'Tas may nagbubulungan pa.

*"Sila yung nasa bulletin board, diba?"*

*"Oo nga, sila nga yun."*

*"Ang sweet nga nila sa mga pictures eh."*

*"Oo nga! Lalo na yung nasa kotse sila."*

= . =

O . O!

Bulletin board? Pictures? Sweet? KOTSE?!

"Ryan." - ako

"Shujin KO kasi." - siya

"Tss. Ang daming tao sa bulletin board, anong meron dun?" - ako

"Ewan, tignan kaya natin." - siya sabay hila sa akin palapit sa bulletin board.

"Excuse me!" - Ryan habang hinahawi yung mga tao gamit yung isa niyang kamay.

Kasi naman, hawak niya yung kamay ko. = o =

Pero wala, hindi nagpatalo ang mga tao sa harap namin. ( "\_ \_ )

"I SAID EXCUSE ME!" - sigaw ni Ryan.

Kaya naman naggive way sila sa amin.

Tinignan na namin yung nasa bulletin board...

O///O! - kami ni Ryan.

'Tas nagtinginan kami sa isa't isa.

"Sh\*t." - sabay naming sabi.

Bakit? Eh kasi naman po. Kami ang laman ng bulletin board. = . =

Anong pictures yun?

Tanda niyo pa yung nasa kotse kami? Yung nawala kami.

Yung nakasandal ako sa balikat ni Ryan 'tas siya naman sa ulo ko.

'Tas nakapatong pa yung kamay ko sa lap niya 'tas hawak niya pa yun.

Ang daming pictures nun, punung-puno ang bulletin board.

At hindi lang yan.

Pati yung nalock kami sa guest room. >///>

Yung magkaharap kami 'tas malapit yung mukha namin sa isa't isa.

'Tas magkayakap pa kami 'tas yung legs niya nakapatong sa katawan ko.

Pati rin yun marami. Masmarami pa doon sa may kotse scene. = . =

AT DAHIL DOON, the atmosphere became *awkward*. Lalo na sa aming dalawa ni Ryan.

Shet kasi sila papa at Vin eh. Alam kong sila ang may pasimuno nito.

Halata yun. Tsk. Patay talaga silang dalawa sa akin kapag nagkataon.

"Tsk. Tara na nga sa classroom." - Ryan sabay hila sa akin.

Pagkatapos nun, umingay nanaman. > . >

